

**PAMBUONG-ESTADO NG
CALIFORNIA NA TUWIRANG
PRIMARYANG
ELEKSIYON
MARTES, HUNYO 3, 2008**

★ **OPISYAL NA PATNUBAY NA
IMPORMASYON PARA SA BOTANTE** ★

Sertipiko ng Katumpakan

Ako, si Debra Bowen, Sekretarya ng Estado ng Estado ng California, sa pamamagitan nito ay nagpapatunay na ang mga panukalang-batas na kasama rito ay isumite sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Pambuon-estado na Tuwirang Primaryang Eleksiyon na gaganapin sa buong Estado sa Hunyo 3, 2008, at ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas.

Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-10 araw ng Marso, 2008.

Debra Bowen



Debra Bowen
Sekretarya ng Estado



Sekretarya ng Estado

Mahal Naming Kapuwa Botante:

Sa pagpaparehistro upang makaboto, gumawa ka ng unang hakbang sa pagganap ng isang aktibong papel sa pagpapasiya ng hinaharap ng California. Ngayon, upang tulungan ka na gawin ang iyong mga desisyon, ginawa ng aking opisina itong Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na nagtataglay ng mga titulo at buod na inihanda ni Pangkalahatang Abugado Edmund G. Brown Jr., walang-pinapanigang pagsusuri ng batas at maaaring maging mga gastos ng mga nagbabayad ng buwis na inihanda ni Pambatasang Manunuri Elizabeth G. Hill, mga pangangatwirang panig at laban sa mga panukalang-batas sa balota na inihanda ng mga tagapagtaguyod at kalaban, teksto ng mga iminumungkahing batas na binasa para sa katumpakan ni Pambatasang Abugada Diane F. Boyer-Vine, at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon. Ang paglilimbag ng patnubay na ito ay ginawa sa ilalim ng pangangasiwa ni Tagalimbag ng Estado Geoff Brandt.

Sa Hunyo 3, 2008, magkakaroon tayo ng pagkakataon na tumulong na piliin ang mga nominado ng partido para sa maraming pangkongreso at pang-estadong katungkulang pambatasan, at magpapasiya rin sa mga panukalang-batas na inilagay sa balota ng mga miyembro ng publiko.

Ang pagboto ay madali, at sinumang nakarehistrong botante ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo sa isang lugar ng botohan. Ang huling araw upang humiling ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay Mayo 27.

Maraming iba pang paraan upang lumahok sa proseso ng eleksiyon. Ikaw ay maaaring:

- Maging isang manggagawa sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksiyon, tutulong na gawing mas madali ang pagboto para sa lahat ng karapat-dapat na botante at poprotektahan ang mga balota hanggang mabilang ang mga ito ng mga opisyal sa mga eleksiyon;
- Ikalat ang salita tungkol sa mga huling araw ng pagpaparehistro ng botante at mga karapatan sa pagboto sa pamamagitan ng mga email, tawag sa telepono, polyeto, at mga paskil; at
- Tumulong na edukahan ang ibang mga botante tungkol sa mga kandidato at isyu sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga grupong tumatalakay o paglahok sa mga pakikipagtalakayan sa mga kaibigan, pamilya, at mga lider ng komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano at saan boboto, at ang iba pang mga paraan na makakalahok kayo sa proseso ng eleksiyon, tumawag sa 1-800-339-2957 o bisitahin ang www.sos.ca.gov.

Isang magandang pribilehiyo sa isang demokrasya na magkaroon ng mapipili at ng karapatan na isatinig ang iyong opinyon. Binobotohan mo man ang iyong balota sa isang lugar ng botohan o sa isang balotang ipinadadala sa koreo, hinihimok kita na mag-ukol ng panahon upang basahing mabuti ang tungkol sa iyong mga karapatan sa pagboto at ang bawat panukalang-batas sa balota sa patnubay na impormasyon na ito.

Salamat sa pagiging seryoso mo sa iyong sibikong responsibilidad at pagpaparinig ng iyong tinig!

MGA NILALAMAN

PAHINA

MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY	5
---	----------

MGA PROPOSISYON

98	Kapangyarihang Kumuha Ng Pribadong Ari-Arian. Mga Limitasyon Sa Awtoridad Ng Pamahalaan. Inisyatibong Susog Sa Saligang-Batas.	8
99	Kapangyarihang Kumuha Ng Pribadong Ari-Arian. Limitasyon Sa Pagkuha Ng Pamahalaan Ng Tirahang Inookupahan Ng May-Ari. Inisyatibong Susog Sa Saligang-Batas.	14

TEKSTO NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS	18
--	-----------

BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE	23
--	-----------

MGA PAHINA NG IMPORMASYON

Mahalagang Impormasyon Tungkol Dito Sa Primaryang Eleksiyon at Mga Tumangging-Magpahayag Na Botante	4
Impormasyon Tungkol sa Lugar ng Botohan.....	7
Impormasyon Tungkol sa Pansamantalang Balota	7
Maglingkod Bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan	7
Impormasyon na Pahayag ng Pambatasang Kandidato	22
Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.....	22
Mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na Nasa Malalaking-Letra at Audio-Casette.....	22

BISITAHIN ANG WEBSITE NG SEKRETARYA NG ESTADO UPANG:

- Tingnan ang impormasyon sa mga pambuong-estadong panukalang-batas sa www.voterguide.sos.ca.gov
- Magsaliksik tungkol sa mga kontribusyon sa kampanya at mga aktibidad na paglolobi <http://cal-access.sos.ca.gov/campaign>
- Hanapin ang iyong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksiyon sa www.sos.ca.gov/elections/elections_ppl.htm
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa www.sos.ca.gov/elections/elections_m.htm
- Manood ng aktuwal na mga resulta ng eleksiyon sa Araw ng Eleksiyon sa <http://vote.sos.ca.gov>

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL DITO SA PRIMARYANG ELEKSIYON AT MGA TUMANGGING-MAGPAHAYAG NA BOTANTE

(Mga Botanteng Hindi Kasapi ng Isang Partidong Pampulitika)

Ang isang “**tumangging-magpahayag**” na botante ay sinumang nakarehistrong botante na pumiling hindi sumapi sa isang partidong pampulitika nang siya ay magparehistro upang makaboto (kung minsan ay tinatawag din na isang di-partidista o DTS na botante).

Kung ikaw ay nakarehistro upang makaboto sa isang partidong pampulitika, ikaw ay maaari lamang bumoto dito sa pambuong-estado na tuwirang primaryang eleksiyon para sa mga panukalang-batas sa balota at sa mga kandidatong tumatakbo para sa katungkulan mula sa partido na ikaw ay nakarehistro.

Ang mga primaryang eleksiyon ay ginaganap upang alamin kung sinong nominado sa bawat partidong pampulitika ang kakatawan sa partido sa bawat labanan sa **pangkalahatang eleksiyon**. Ang nanalong kandidato mula sa bawat partido sa primarya ng Hunyo 3, 2008 ay susulong sa Pangkalahatang Eleksiyon ng Nobyembre 4, 2008, at ang lahat ng botante, anuman ang kanilang partidong pampulitika na nakarehistro sila, ay pahihintulatang bumoto para sa sinumang kandidato sa balotang iyon.

Kung hindi ka pumili ng isang partidong pampulitika nang magparehistro ka upang makaboto, ang ilan sa mga partidong pampulitika ay magpapahintulot sa iyo na bumoto para sa kanilang mga kandidato. Kung hindi ka nakarehistro sa isang partidong pampulitika, maaari kang humiling ng isang balota ng alinmang partidong pampulitika na nagpasabi sa Sekretarya ng Estado na ito ay magpapahintulot sa mga tumangging-magpahayag na botante na tumulong na magmungkahi ng kanilang mga kandidato. HINDI ka maaaring humiling ng higit sa isang balota ng partido.

Ang mga sumusunod na partidong pampulitika ay nagpapahintulot sa tumangging-magpahayag na mga botante na humiling at iboto ang balota ng kanilang partido (maliban sa mga kandidato para sa komite sentral ng county) sa Pambuong-estado na Tuwirang Primaryang Eleksiyon ng Hunyo 3, 2008.

- Partidong Amerikanong Independiyente
- Partidong Demokratiko
- Partidong Republikano

Kung hindi ka humiling ng isang partikular na balota, bibigyan ka ng isang di-partidistang balota na nagtataglay ng mga panukalang-batas lamang at ng mga pangalan ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan.

Kung Bumoboto Ka sa Pamamagitan ng Koreo . . . Ang bawat opisina ng county sa mga eleksiyon ay inaatasan na padalhan ang lahat ng tumangging-magpahayag na botante na nakarehistro bilang mga botanteng permanenteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo ng isang paunawa at aplikasyon tungkol sa pagboto sa primaryang eleksiyon. Ang paunawa ay dapat magbigay-alam sa botante na siya ay maaaring humiling ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa isang partikular na partidong pampulitika para sa primaryang eleksiyon kung ang partidong iyon ay nagpapahintulot sa tumangging-magpahayag na botante na makaboto sa kanilang primarya. Kung ikaw ay isang botante sa pamamagitan ng koreo at gusto mong lumahok sa primarya ng isa sa mga kalahok na partido, dapat mong hilingin ang balota ng partido bago ka isyuhan ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Kung ikaw ay naisyuhan na ng isang di-partidistang balota pero gusto mong humiling ng isang balota mula sa isa ng mga kalahok na partido, dapat kang makipag-ugnayan sa opisina sa mga eleksiyon ng inyong county.

**PAMBUONG-ESTADO NG
CALIFORNIA NA TUWIRANG
PRIMARYANG
ELEKSIYON
NABUBUNOT
NA PATNUBAY
MARTES, HUNYO 3, 2008**



MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY



**BUNUTIN ITONG MADALING-MASASANGGUNING
PATNUBAY AT DALHIN ITO SA LUGAR NG BOTOHAN!**

Ang patnubay na ito ay nagtataglay ng buod at impormasyon tungkol sa matatawagan
para sa dalawang proposisyon ng estado na lilitaw sa balota ng Hunyo 3, 2008.



Bisitahin ang aming website sa www.voterguide.sos.ca.gov

MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 98 KAPANGYARIHANG KUMUHA NG PRIBADONG ARI-ARIAN.
MGA LIMITASYON SA AWTORIDAD NG PAMAHALAAN.
INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

BUOD

Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon

Nagbabawal sa estado at mga lokal na pamahalaan na kumuha o puminsala ng pribadong ari-arian para sa mga pribadong paggamit. Nagbabawal sa pagkontrol ng renta at mga katulad na panukalang-batas. Nag-aalis ng pag-alinsunod sa pamahalaan sa mga kaso ng mga pribadong karapatan. Nagbabago ng mga tuntunin sa pagkondena. Tama sa Pananalapi: Nadagdagang mga gastos sa maraming pamahalaan dahil sa mga kabawalan ng panukalang-batas. Ang netong pambuon-estadong epekto sa pananalapi, gayunman, ay malamang na hindi malaki.

ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang awtoridad ng pamahalaan na kumuha ng pribadong ari-arian upang ilipat ito sa ibang pribadong partido ay mababawasan nang malaki. Ang pagkontrol ng renta ay tatanggalin.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Hindi magkakaroon ng pagbabago sa awtoridad ng pamahalaan na kumuha ng ari-arian. Ibig sabihin, ang pamahalaan ay maaaring kumuha ng ari-arian para sa pampublikong layunin kung babayaran ng pamahalaan ang may-ari para sa halaga nito. Ang pamahalaan ay maaaring patuloy na kumontrol sa mga pagtaas ng renta.

MGA PANGANGATWIRAN

PANIG Ngayon ang pamahalaan ay kumukuha ng pribadong ari-arian upang makinabang ang mga tagapagtayo na may koneksiyon sa pulitika at upang makaiwas sa Proposisyon 13 sa pamamagitan ng malaking pagtaas ng mga buwis sa ari-arian. Ang Proposisyon 98 ay nagbabawal ng pagkuha ng mga bahay, maliit na negosyo, bukid, at mga lugar ng pagsamba para pagtubuan ng mga tagapatayo at nagbabawal sa pagpilit sa mga may-ari na paupahan ang kanilang mga bahay sa halagang mas mababa kaysa pangkaraniwang halaga sa pamilihan.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PABOR

Yes on Prop. 98 –
Californians for Property
Rights Protection
921 11th Street, Suite 1201
Sacramento, CA 95814
(916) 556-1110
info@YesProp98.com
www.YesProp98.com

KONTRA

No on 98, Stop the
Landlords' Hidden
Agendas Scheme
1121 L Street #803
Sacramento, CA 95814
(888) 362-2337
www.NoProp98.org

PROP 99 KAPANGYARIHANG KUMUHA NG PRIBADONG ARI-ARIAN.
LIMITASYON SA PAGKUHA NG PAMAHALAAN NG
TIRAHANG INOOKUPAHAN NG MAY-ARI.
INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

BUOD

Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon

Nagbabawal sa paggamit ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kunin ang isang tirahang inookupahan ng may-ari para ilipat sa isang pribadong tao o pangnegosyong entidad. Lumilikha ng mga eksepsiyon para sa mga pampublikong gawain, pampublikong kalusugan at kaligtasan, at paghadlang sa krimen. Tama sa Pananalapi: Walang malaking tama sa pananalapi ng estado o mga lokal na pamahalaan.

ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Sa limitadong bilang ng mga kaso, ang pamahalaan ay hindi na magkakaroon ng awtoridad na kumuha ng iisang-pamilyang bahay.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Hindi magkakaroon ng pagbabago sa awtoridad ng pamahalaan na kumuha ng mga iisang-pamilyang bahay. Ibig sabihin, ang pamahalaan ay maaaring kumuha ng bahay para sa pampublikong layunin kung babayaran ng pamahalaan ang may-ari para sa halaga nito.

MGA PANGANGATWIRAN

PANIG Ang 99 ay nagbabawal sa pamahalaan na kumuha ng mga bahay para sa pribadong pagtatayo. 41 ibang estado ay nagreporma ng mga batas sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian pagkatapos magpasiya ang Korte Suprema na Okey na ang pamahalaan ay kumuha ng mga bahay para sa pribadong pagtatayo. Panahon na para kumilos ang California. Ang 99 ay isang prangkang reporma: walang mga butas, walang mga nakatagong adyenda. Protektahan ang mga bahay. Oo sa 99.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PABOR

Yes on 99, Protect
Homeowners from
Eminent Domain
1121 L Street #803
Sacramento, CA 95814
(888) 362-2337
www.YesProp99.org

LABAN Ang di-partidistang Pambatasang Manunuri ay nagpahayag na ang Proposisyon 99 “ay hindi malamang na magbago nang malaki sa kasalukuyang gawain ng pamahalaan na kumuha ng lupa.” Ibig sabihin: “Ang Proposisyon 99 ay walang pinoprotektahan.” Ang mga pulitiko at tagapagtayo ay gumasta ng \$4,000,000.00+ sa Proposisyon 99 upang patayin ang bawat proteksiyon sa ari-arian ng Proposisyon 98. Ang Proposisyon 99 ay isinulat upang lansihin ang mga botante, at sirain ang mga proteksiyon ng 98 sa ari-arian.

KONTRA

Yes on Prop. 98 –
Californians for Property
Rights Protection
921 11th Street, Suite 1201
Sacramento, CA 95814
(916) 556-1110
info@YesProp98.com
www.YesProp98.com

PAGHAHANAP NG IYONG LUGAR NG BOTOHAN

Ang lokasyon ng iyong lugar ng botohan ay pinag-uugnay ng inyong opisyal ng county sa mga eleksiyon at ililista sa panlikod na pabalat ng iyong Halimbawang Balota ng county.

Maaari mo ring tawagan ang opisina ng iyong county sa mga eleksiyon upang malaman ang lokasyon ng iyong lugar ng botohan o bisitahin ang www.sos.ca.gov/elections/elections_ppl.htm.

Kung hindi mo mahanap ang iyong lugar ng botohan, ikaw ay pinahihintulutan na bumoto ng isang pansamantalang balota sa alinmang lugar ng botohan sa county kung saan ka nakarehistro.

MGA PANSAMANTALANG BALOTA

Ang mga pansamantalang balota ay mga balotang binotohan ng mga botante na:

- Naniniwala na sila ay nakarehistro upang makaboto kahit na ang kanilang mga pangalan ay hindi lumitaw sa opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante;
- Naniniwala na ang opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante ay hindi wastong naglilista sa kanilang kinasasapiang partidong pampolitika; o
- Bumoboto sa pamamagitan ng koreo pero hindi matagpuan ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at gustong bumoto sa isang lugar ng botohan.

Lahat ng balidong pansamantalang balota na sa pasiya ng mga opisyal sa mga eleksiyon ng county ay binotohan ng mga karapat-dapat na botante ay binibilang at isinasama sa mga opisyal na resulta ng eleksiyon. Ang mga opisyal sa eleksiyon ay may 28 araw upang kumpletuhin ang prosesong ito, tinatawag na panahon ng “opisyal na kambas,” at dapat iulat ang mga resulta sa Sekretarya ng Estado 35 araw pagkaraan ng petsa ng eleksiyon.

GUSTO MONG KUMITA NG PERA AT GUMAWA NG PAGKAKAIBA?

MAGLINGKOD BILANG MANGGAGAWA SA BOTOHAN SA ARAW NG ELEKSIYON!

Bilang karagdagan sa pagkuha ng aktuwal na karanasan sa mga kasangkapan ng ating demokrasya, ang mga manggagawa sa botohan ay maaaring kumita ng ekstrang pera para sa kanilang mahalagang serbisyo sa Araw ng Eleksiyon.

Maaari kang maglingkod bilang isang manggagawa sa botohan kung ikaw ay:

- Isang nakarehistrong botante, o
- Isang estudyante sa mataas na paaralan na:
 - isang mamamayan ng Estados Unidos;
 - hindi kukulangin sa 16 na taong gulang sa panahon na siya ay maglilingkod;
 - may pangkalahatang marka na hindi kukulangin sa 2.5; at
 - isang estudyanteng may magandang katayuan sa isang pampubliko o pribadong paaralan.

Makipag-uugnayan sa iyong lokal na opisyal sa mga eleksiyon o tumawag sa 1-800-339-2957 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging isang manggagawa sa botohan.

Kung ikaw ay isang empleyado ng pamahalaan ng estado, maaari kang magbakasyon sa trabaho, nang hindi mawawalan ng suweldo, upang maglingkod bilang manggagawa sa lugar ng botohan kung magbibigay ka ng sapat na paunawa sa iyong departamento at inaprobahan ng iyong superbisor ang kahilingan.

KAPANGYARIHANG KUMUHA NG PRIBADONG ARI-ARIAN. MGA LIMITASYON SA AWTORIDAD NG PAMAHALAAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

KAPANGYARIHANG KUMUHA NG PRIBADONG ARI-ARIAN. MGA LIMITASYON SA AWTORIDAD NG PAMAHALAAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

- Nagbabawal sa estado at mga lokal na pamahalaan na kumuha o puminsala ng pribadong ari-arian para sa mga pribadong paggamit.
- Nagbabawal sa pagkontrol ng renta at mga katulad na panukalang-batas.
- Nagbabawal sa pag-alinsunod sa pamahalaan sa mga kaso ng mga pagkuha.
- Nililina ang “makatarungang kabayaran.”
- Nag-aatas ng paggawad ng mga bayad sa abugado at mga gastos kung ang isang may-ari ng ari-arian ay nakakuha ng pagpapasiya na higit sa halagang iniaalay ng pamahalaan.
- Nag-aatas sa pamahalaan na mag-alay sa orihinal na may-ari ng mga kinondenang ari-arian ng karapatang muling bilhin ang ari-arian sa presyong katulad ng presyo noong ito ay kinondena kapag ang ari-arian ay inilagay sa paggamit na may malaking pagkakaiba sa ipinahayag sa publiko.

Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Nadagdagang mga gastos sa maraming pamahalaan dahil sa mga kabawalan ng panukalang-batas. Ang netong pambuong-estadong epekto sa pananalapi, gayunman, ay malamang na hindi malaki.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

KASAYSAYAN

Mga Aksyon ng Pamahalaan na Kumuha ng Ari-arian— “Kapangyarihang Kumuha ng Pribadong Ari-arian”

Taun-taon, ang estado ng California at mga lokal na pamahalaan ay bumibili ng daan-daang milyong dolyar na ari-arian mula sa mga pribadong may-ari. Ginagamit ng pamahalaan ang karamihan sa ari-arian ito para sa mga layuning tulad ng mga daan, paaralan, at pampublikong utilidad. Sa ibang mga kaso, ang pamahalaan ay bumibili ng ari-arian para sa ibang mga layunin, tulad ng paglipat nito sa (1) mga pribadong may-ari upang magtayo ng mga bagong negsoyo o (2) mga di-nagtutubong organisasyon upang magkaloob ng abot-kayang pabahay.

Sa karamihan ng mga pagkakataon, ang mga pamahalaan ay bumibili ng ari-arian mula sa pumapayag na nagbebenta. Kung minsan, gayunman, ang may-ari ng ari-arian ay ayaw ibenta ang kanilang ari-arian o hundi sumasang-ayon sa presyo ng nagbebenta. Sa mga kasong ito, ang batas ng California ay nagpapahintulot sa pamahalaan na kunin ang ari-arian mula sa isang pribadong may-ari sa kondisyon na ang pamahalaan ay:

- Gagamitin ang ari-arian para sa isang “pampublikong paggamit” (isang katawagan na malawak na binigyang-kahulugan upang mangahulugan ng iba’t ibang pampublikong layunin).

- Magbabayad sa may-ari ng ari-arian ng “makatarungang kabayaran” (pangkaraniwan, ang pangkaraniwang halaga sa pamilihan) at mga gastos sa paglipat (kabilang ang ilang nawala sa negosyo).

Ang kapangyarihang ito ng pamahalaan na kumuha ng ari-arian para sa pampublikong paggamit ay tinatawag na “kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.” (Ang katabing kahon ay nagkakaloob ng karagdagang impormasyon tungkol sa paggamit nito.)

Mga Pagsalungat sa Kapangyarihang Kumuha ng Pribadong Ari-arian. Ang mga may-ari ng ari-arian ay hindi inaatasang tanggapin ang halaga ng kabayaran na iniaalok ng pamahalaan. Sa halip, sila ay maaaring gumawa ng ganting-alok o maaari nilang salungatin ang halaga sa hukuman. Sa ilalim ng Saligang-batas ng Estado, may karapatan ang mga may-ari ng ari-arian na ipasailalim sa isang lupon ng tagahatol ang halaga ng kabayaran. Habang ang mga may-ari ng ari-arian ay maaari ring sumasulungat sa karapatan ng pamahalaan na kumuha ng ari-arian, ang mga pagsalungat na ito ay mas mahirap. Sa bahagi, ito ay dahil ang mga hukuman ay nagbibigay ng malaking bigat sa mga napag-alaman at pananaw ng pamahalaan kapag nagpapasiya sa mga pagtatalo kung ang isang aksyon ukol sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian ay para sa pampublikong paggamit.

Awtoridad ng Pamahalaan na Kumuha ng Ari-arian sa Pamamagitan ng Kapangyarihang Kumuha ng Pribadong Ari-arian

Maaaring gamitin ng pamahalaan ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian para sa pampublikong paggamit kung ito ay magbabayad ng makatarungang kabayaran at mga gastos sa paglipat.

Ano ang Pampublikong Paggamit?

Sa mga karaniwang halimbawa ng pampublikong paggamit ay kabilang ang pagkakaloob ng mga bagong paaralan, daan, gusali ng pamahalaan, parke, at mga pasilidad ng pampublikong utilidad. Sa katawagang pampublikong paggamit ay kabilang ang malalawak na pampublikong layunin, tulad ng pagpapaunlad na pangkabuhayan, pag-aalis ng mga sirang tanawin sa kalunsuran at mga pampublikong kaguluhan, at pampublikong pag-aari ng mga serbisyong utilidad. Ang mga sumusunod na aktibidad ay itinuturing na pampublikong paggamit:

- Pagtataguyod ng muling pagpapaunlad ng downtown sa pamamagitan ng paglipat ng ari-arian sa ibang mga may-ari upang magtayo ng mga bagong tindahan, hotel, at ibang mga negosyo.
- Pagbawas ng mga sirang tanawin sa kalunsuran at krimen sa pamamagitan ng paglipat ng mga hindi nakakatugon sa pamantayan na mga apartment sa lugar na maraming krimen patungo sa isang di-nagtutubong organisasyon sa pabahay upang magbago ng yari at mamahala.
- Pagtiyak ng pampublikong pagkontrol ng mga serbisyong utilidad sa pamamagitan ng pagkuha ng pribadong mga sistema ng tubig at ibang utilidad at paglalagay sa mga ito sa ilalim ng pag-aari ng pamahalaan.

Ano ang Makataurang Kabayaran at mga Gastos sa Paglipat?

Kabilang sa makatarungang kabayaran ang (1) pangkaraniwang halaga sa pamilihan ng ari-arian at (2) anumang kabawasan sa halaga ng natitirahang ari-arian kapag bahagi lamang ng parsela ang kinuha. Bilang karagdagan sa pagbabayad ng makatarungang kabayaran, ang batas ng California ay nag-aatas sa mga pamahalaan na magbayad sa mga may-ari ng ari-arian para sa mga partikular na ibang mga gugulin at nawala na kaugnay na paglipat sa pag-aari ng ari-arian.

Maari Bang Kumuha ng Ari-arian ang Pamahalaan Bago Maipasiya ang Makatarungang Kabayaran?

Kung minsan gusto ng pamahalaan na kumuha ng ari-arian nang mabilis, bago lubos na maipasiya ang makatarungang kabayaran. Sa mga kasong ganito, ang batas ng California ay nagpapahintulot sa malamang na halaga ng makatarungang kabayaran na ideposito at kunin ang ari-arian sa loob ng ilang buwan. Ito ay tinatawag na “mabilis na pagkuha” na aksyon ukol sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian. Kung tinanggap ng may-ari ng ari-arian ang mga pondong ito, isusuko ng may-ari ang karapatang salungatin ang aksyon ng pamahalaan upang mapatunayan na para sa pampublikong paggamit. Maaari pa ring salungatin ng may-ari ang halaga ng makatarungang kabayaran.

Mga Programa upang Itaguyod ang Abot-kayang Pabahay

Pagkontrol ng Renta. Higit sa isang dosena ng mga lungsod ng California ang may batas sa pagkontrol ng renta. Sa mga lungsod na ito ay kabilang ang Los Angeles, San Francisco, Oakland, Berkeley, Santa Monica, at San Jose. Bilang karagdagan, humigit-kumulang na 100 lungsod at county ang may mga batas na naglilimita sa renta na maaaring singilin ng mga may-ari ng parke ng naililipat na bahay na umuupa ng espasyo sa kanilang parke. Sa kabuuan, humigit-kumulang na isang milyong sambahayan sa California ay naninirahan sa mga apartment o parke ng naililipat na bayad na kontrolado ang renta. Habang ang mga tadhana nitong mga batas sa pagkontrol ng renta ay iba-iba, ang mga ito ay pagkaraniwang nagtatakda sa halaga ng pera na maaaring itaas ng isang nagpapaupa o (may-ari ng parke) ang renta ng umuupa bawat taon. Kung ang isang umuupa ay umalis sa isang yunit ng pabahay o parke ng naililipat na bahay, maaaring ilipat ng mga may-ari ng ari-arian ang mga renta sa mga presyo sa pamilihan. Sa sandaling

muling paupahan ang isang yunit o espasyo, gayunman, ang mga batas sa pagkontrol ng renta ay nagtatakda sa antas ng mga pagtaas ng renta sa hinaharap.

Ibang mga Programa at Batas sa Pabahay. Humigit-kumulang sa isang-ikatlo ng mga lungsod at county ng California ang may mga batas na tinatawag na “nagsasamang pabahay.” Ang mga batas na ito (na maaaring sapilitan o boluntaryo) ay may hangarin na magkaloob ng mga mas murang yunit na pabahay sa mga bagong pagtatayo. Ang batas sa sapalitang pagsasama ay nag-aatas sa mga tagapagtayo na gumawa ng abot-kayang pabahay sa bahagi ng kanilang lupa o mag-ambag ng mga pondo upang gumawa ng naturang pabahay. Ang mga pamboluntaryong batas ay nag-aalok sa mga tagapagtayo ng mga insentibo upang magkaloob ng abot-kayang pabahay. (Halimbawa, ang isang lungsod ay maaaring magpahintulot sa isang tagapagtayo na gumawa ng mas maraming yunit ng pabahay kung ang ilan sa mga ito ay abot-kaya ng mga sambahayang maliit ang kita.) Bilang karagdagan, maraming lungsod sa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PATULOY

California na may mga ordinansa na nag-aatas sa mga may-ari ng apartment na magkaloob ng mga benepisyo sa paglipat ng mga umuupa kung ginawa nilang kondominyum ang kanilang ari-arian.

MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay nagsusug sa Saligang-batas ng Estado na (1) pigilan ang awtoridad ng estado at mga lokal na pamahalaan na kumuha ng pribadong ari-arian at (2) tanggalin ang pagkontrol ng renta. Ang panukalang-batas ay maaari ring pumigil sa awtoridad ng pamahalaan na ipatupad ang partikular na ibang mga programa at batas, tulad ng mga sapilitang programang nagsasamang pabahay at mga benepisyo sa paglipat ng umuupa. Ang mga tadhana ng panukalang-batas ay umaaplay sa lahat ng ahensiya ng pamahalaan.

Pagkuha ng Ari-arian

Ang panukala ay nagbabawal sa pamahalaan na mag-ari ng ari-arian upang ilipat ito sa isang pribadong partido—tulad ng isang tao, negosyo, o di-nagtutubong organisasyon. Bilang karagdagan, ang pamahalaan ay maaaring kumuha ng ari-arian upang gamitin ito para sa (1) isang layunin na may malaking pagkakatatulad sa kung paano ito ginagamit ng pribadong may-ari (tulad ng pampublikong pagpapatakbo ng isang sistema ng paghahatid ng tubig o kuryente na dating pag-aari ng isang pribadong kompanya) o (2) ang layunin ng pagkonsumo ng mga likas na kayamanan nito (tulad ng langis o mineral nito). Ang mga kabawalang ito sa awtoridad ng pamahalaan na kumuha ng ari-arian ay umaaplay rin sa mga kaso kapag inilipat ng pamahalaan ang karapatan na gamitin o okupahan ang ari-arian (pero hindi kinuha ang pagiging may-ari nito). Wala sa mga kabawalang ito na umaaplay, gayunman, kung ang pamahalaan ay tumutugon sa isang pampublikong kaguluhan o gawaing kriminal o bilang bahagi ng isang kalagayang emerhensiya na indineklara ng Gobernador.

Sa ilalim ng panukalang-batas, ang pamahalaan ay maaaring patuloy na kumuha ng ari-arian para sa mga pasilidad na aangkinin at gagamitin nito, tulad ng mga bagong paaralan, daan, parke, at pampublikong utilidad. Ang pamahalaan ay hindi maaaring kumuha ng ari-arian para sa isang layunin, gayunman, at pagkatapos ay gagamitin ito para sa ibang layunin maliban kung inialok nito na ipagbili ang ari-arian pabalik sa isang dating may-ari.

Mga Pagsalungat ng Mga May-ari ng Pribadong Ari-arian. Kung sinalungat ng isang may-ari ng ari-arian ang awtoridad ng pamahalaan ng gamitin ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian, ang panukala ay nag-uutos sa hukuman na gamitin ang independiyenteng pagpapasiya

nito at hindi pailalim sa mga ipinasiya ng ahensiya ng pamahalaan. Bilang karagdagan, ang mga may-ari ng ari-arian ay hindi maaaring sumalungat sa karapatan ng pamahalaan na kumuha ng ari-arian kahit na tumanggap ang mga ito ng mga pondo na idineposito ng pamahalaan bilang bahagi ng pinadaling aksyon ukol sa karapatang kumuha ng pribadong ari-arian.

Kabayaran sa May-ari ng Ari-arian. Ang panukala ay nagtataglay ng mga tadhana na magtataas sa halaga ng kabayaran ipinagkakaloob sa mga may-ari ng ari-arian. Halimbawa, ang mga may-ari ng ari-arian ay magiging karapat-dapat sa pagsasauli ng ibinayad para sa lahat ng gastos sa paglipat ng negosyo, na maaaring humigit sa mga pinakamababang halaga na tinukoy sa ilalim ng kasalukuyang batas. Bilang karagdagan, ang mga may-ari ng ari-arian ay magiging karapat-dapat sa kabayaran para sa kanilang mga gastos sa abugado kung ang may-ari ng ari-arian ay matagumpay sa isang pagsalungat sa karapatang kumuha ng pribadong ari-arian.

Pagkontrol ng Renta

Ang panukalang-batas sa pangkalahatan ay nagbabawal sa pamahalaan na limitahan ang presyo na maaaring singilin ng mga may-ari ng ari-arian sa iba upang bilhin, okupahan, o gamitin ang kanilang lupa o mga gusali. Ang tadhanang ito ay makakaapekto sa mga lokal na panukalang-batas sa pagkontrol ng renta. Sa partikular, ang pamahalaan ay hindi maaaring magpatibay ng mga bagong panukalang-batas sa pagkontrol ng renta, at ang anumang panukalang-batas sa pagkontrol ng renta na pinagtibay pagkaraan ng Enero 1, 2007 ay matatapos. Ang ibang mga panukalang-batas sa pagkontrol ng renta (ang mga pinagtibay bago ang Enero 1, 2007) ay tatanggalin na yunit-sa-yunit pagkatapos mabakante ang isang yunit ng apartment o espasyo ng parke ng naililipat na bahay. Sa sandaling ang isang umuupa ay umalis sa isang apartment o espasyo ng naililipat na bahay, ang mga may-ari ng ari-arian ay maaaring sumingil ng renta na ayon sa presyo sa pamilihan, at ang ang yunit ng apartment o espasyo ng naililipat na bahay ay hindi na muling isasailalim sa pagkontrol ng renta.

Ibang mga Batas at Programa sa Pabahay

Ang panukalang-batas ay anyong naglilimita sa awtoridad ng pamahalaan na magpataw ng mga kabawalan sa “pag-aari, pag-okupa, o paggamit ng ari-arian” kung ang mga kabawalan ay ipinataw “upang ilipat ang isang benepisyong pangkabuhayan” mula sa isang may-ari ng ari-arian patungo sa ibang mga pribadong tao. Ang mga batas at programang ito ng pamahalaan na maaapektuhan ng mga tadhanang ito ay hindi malinaw at ipapasiya ng mga hukuman. Batay

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PATULOY

sa pananalita sa panukalang-batas, gayunman, ang mga programang tulad ng sapilitang nagsasamang pabahay at mga banepisyo sa paglipat dahil sa paggawa ng kondominyum ay maaaring ipagbawal.

Kaugnay na Panukalang-batas sa Balota. Ang balotang ito ay nagtataglay ng dalawang panukalang may kaugnayan sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian: Proposisyon 98 (ang panukalang ito) at Proposisyon 99. Kung ang panukalang ito ay inaprobahan ng mas maraming boto kaysa Proposisyon 99, ang mga tadhana ng Proposisyon 99 ay malamang na hindi magkabisa.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mga Pagbabago sa Kapangyarihang Kumuha ng Pribadong Ari-arian

Marami sa ari-arian na kinukuha ng estado at lokal na pamahalaan ay binibili mula sa mga pumapayag na nagbebenta o kinukuha sa pamamagitan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian para sa mga layunin na ipahihintulot pa rin sa ilalim ng panukalang-batas na ito. Sa mga ganitong kaso, ang pamahalaan ay maaaring patuloy na kumuha ng mga ari-ariang ito, pero maaaring mangailangang magbayad ng higit para sa mga ito. Ito ay dahil ang panukalang-batas ay nagtataas ng halaga ng kabayaran ipinagkakaloob sa mga ari-ariang kinuha sa pamamagitan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian at ang mga pumapayag na nagbebenta ay malamang na humingi ng mga katulad na halaga.

Sa ilang kaso, ang panukalang-batas ay hahadlang sa pamahalaan na kunin ang ari-arian sa pamamagitan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian. Itong nabawasang kakakayan na kumuha ng ari-arian ay maaaring umaplay sa maraming plano ng pamahalaan para sa muling pagtatayo, abot-kayong pabahay, at pampublikong pag-aari ng mga utilidad na serbisyong tubig o kuryente. Bilang resulta nitong nabawasang awtoridad na kumuha ng ari-arian, ang pamahalaan ay maaaring (1) bumili ng mas kaunting ari-arian at magkaroon ng mas mababang gastos o (2) mag-alok sa mga may-ari ng ari-arian ng mas malaking halaga upang bilhin ang kanilang mga ari-arian at kung gayon ay magkakaroon ng mas malaking gastos.

Ang netong epekto sa pananalapi nitong mga maaaring maging pagbabago sa bilang at presyo ng mga ari-ariang nakukuha ay hindi matitiyak. Sa kabuuan, tinatantiya namin na maraming pamahalaan na magkakaroon ng netong nadagdagang gastos upang kumuha ng ari-arian, pero ang netong pambuong epekto sa pananalapi ay malamang na hindi malaki.

Ibang mga Pagbabago

Mahirap tantiyahin ang tama sa pananalapi ng pagtanggap ng pagkontrol ng renta ng panukalang-batas at limitasyon sa ibang mga programa na naglilipat ng mga benepisyon pangkabuhayan mula sa mga may-ari ng ari-arian patungo sa mga pribadong partido. Bilang tugon sa mga tadhanang ito, ang mga pamahalaan ay maaaring pumili na baguhin ang kanilang mga patakaran sa mga paraan na hindi nagtataas ng kanilang mga gastos. Halimbawa, ang isang pamahalaan ay maaaring magpawalang-saysay sa isang sapilitang ordinansa sa nagsasamang pabahay at hindi magpatibay ng isang patakaran sa pagpapalit, o pawalang-saysay ang ordinansa at magpatibay ng mga regulasyon sa paggamit ng lupa na humihimok ng paggawa ng murang pabahay.

Sa ibang mga kaso, ang pagsunod sa mga tadhana ng panukalang-batas ay maaaring magresulta sa mga bagong gastos. Halimbawa, ang isang pamahalaan ay maaaring tumugon sa pag-alis ng pagkontrol ng renta sa pamamagitan ng paglikha ng mga programang pinopondohan ng publiko upang tustusan ang abot-kayang pabahay. Batay sa kawalan ng katiyakan tungkol sa ilan sa mga tadhana ng panukalang-batas, maaaring hindi malalaman ng ilang pamahalaan na ang kanilang mga patakaran ay kasalungat ng mga tadhana ng panukalang-batas at aatasan na magbayad ng bayad-pinsala sa mga may-ari ng ari-arian.

Ang epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan na kaugnay ng mga pagbabagong ito sa pagkontrol ng renta at ibang mga patakaran ay hindi posibleng matiyak, pero malamang na magkaroon ng karagdagang gastos ang maraming pamahalaan. Ang netong pambuong-estadong epekto sa pananalapi, gayunman, ay malamang na hindi malaki.

PROP 98 KAPANGYARIHANG KUMUHA NG PRIBADONG ARI-ARIAN. MGA LIMITASYON SA AWTORIDAD NG PAMAHALAAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

★ **PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 98** ★

Ang Proposisyon 98 ay isang malinaw, payak, at prangka, na may isa lamang layunin: protektahan ang ating mga bahay, lupang pambukid, at maliit na negosyo . . . lahat ng pribadong ari-arian.

Ginagawa ito ng Proposisyon 98 sa pamamagitan ng:

1. Paggawang labag sa batas na ang pamahalaan ay kumuha ng mga bahay, maliit na negosyo, bukid ng pamilya, at lugar ng pagsamba at paglipat ng mga ito sa mga pribadong partido para sa kanilang pribadong paggamit at pagtubo.

2. Paggawang labag sa batas na ipilit ang pagbebenta o pagpapaupa ng mga pribadong bahay, apartment, o ibang tirahan sa mga presyong mas mababa kaysa pangkaraniwang halaga sa pamilihan.

Ito ang nasa loob ng Proposisyon 98, walang mapanlansi, walang nakatago. Basahin ang teksto ng Proposisyon 98 nang mabuti at malalaman ninyo na ito ay may layunin na iligtas ang ating mga bahay, bukid, maliit na negosyo, at lugar ng pagsamba laban sa pagkuha mula sa may-ari ng mga ito para pakinabangan at pagtubuan ng mga pribadong tagapagtayo.

BAKIT KAILANGAN ANG PROPOSISYON 98?

Una, dahil ang mga estado at ang mga lokal na pamahalaan ay kumukuha ng mga pribadong bahay, apartment, maliit na negosyo, bukid ng pamilya, at lugar ng pagsamba para pakinabangan ng mga tagapagtayong mahusay ang koneksiyong pampulitika. Ang mga pagkuhang ito ay nagbibigay ng kakayahan sa mga kolektor ng buwis na makaiwas sa mga limitasyon ng Proposisyon 13 sa mga buwis sa ari-arian, nagpapahintulot sa kanila na umani ng malaking pagtaas sa buwis sa ari-arian sa mga kinuhang ari-arian.

Ikalawa, ang mga tagapagtayo ay nakakagawa ng malalaking tubo kapag nagtayo sila sa mga kinuhang lupa. Ang mga pulitiko ay nakakatulong sa mga kaibigan at mga pinansiyal na tagasuporta na makagawa ng malalaking tubo sa pamamagitan ng pagkuha ng ari-arian ng ibang mga tao.

Ikatlo, ang California ay nawawalan ng bukas na espasyo, lupa ng bukid, at taniman ng bungangkahoy sa antas na nakalulungkot. Ang Proposisyon 98 ay hahadlang sa pagkuha ng mga lupang ito para sa mga tagapagtayo na kung hindi ay magesemento sa lupa ng bukid at panghabang panahon na gagawin ang mga bukid na mga nakahanay na bahay at malaking pamilihan.

Ikaapat, ang pamahalaan ay maraming makatarungan at lehitimong paraan upang tulungan ang mga matanda, mahirap, may kapansanan, beterano, estudyante, at iba pa sa kanilang renta at sa ibang mga pangangailangan ng pabahay. Ang pamahalaan ay maaaring magkaloob ng mga programang tulong sa upa at pabahay. Ang pamahalaan ay maaaring bumili o magtayo ng mga tirahan at ipagkaloob ang mga ito sa mahihirap

sa mababang halaga o walang bayad. Pero ang pamahalaan ay hindi dapat pumilit sa isang may-ari ng pribadong ari-arian na mag-isang pumasan ng buong halaga ng pagpapaupa ng kanyang bahay o apartment sa halagang mas mababa kaysa pangkaraniwang halaga ng pagpapaupa. Apatnapu't-lima ng ibang 49 na estado ay nagkaloob nitong basikong proteksiyon. Dapat na matagal na nating pinoprotektahan ang ating mga may-ari ng ari-arian.

ANG HINDI GAGAWIN NG PROPOSISYON 98

Ang Proposisyon 98 ay hindi magtutulak sa mga umuupa na limitado na ngayon ang mga renta na mawalan ng kasalukuyang pagkontrol nila ng renta.

Ang Proposisyon 98 AY HINDI nakakaapekto sa pagkuha ng ari-arian kailangan para sa mga lehitimong pampublikong layunin. Ang ari-arian para sa kabutihan ng publiko, tulad ng mga paaralan, istasyon ng bumbero, haywey, istasyon ng pulis, mga proyekto sa tubig, pagkontrol ng baha, serbisyon pang-emerhensiya, parke, at pangangalaga ng kapaligiran, ay makukuha pa rin sa pamamagitan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.

BUOD—98 LAMANG ANG NAGPOPROTEKTA SA LAHAT NG PRIBADONG ARI-ARIAN

Sa kasalukuyan, ang mga pamahalaan na gutom sa buwis ay nakakaiwas sa Proposisyon 13, itinataas nang malaki ang mga buwis sa ari-arian sa pamamagitan ng pagkuha ng mga bahay, maliit na negosyo, apartment, bukid na pamilya, at lugar ng pagsamba.

Gayon din, sa pagkuha ng pribadong ari-arian, ang mga pulitiko ay makakatulong sa kanilang mga pinansiyal na tagaambag na makuha ang ari-arian at mga tubo na gusto ng mga tagapagtayong iyon.

Ang Proposisyon 98 ay ang tanging panukalang-batas sa balota na nagbabalik ng mga proteksiyon ng pribadong ari-arian para sa lahat ng Taga-California—bawat isa.

Bisitahin ang YesProp98.com.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon 98.

JON COUPAL, Presidente

Howard Jarvis Taxpayers Association,
Protect Prop. 13 Committee

DOUG MOSEBAR, Presidente

California Farm Bureau

STEVE L. CAUGHRAN, May-ari ng Maliit na Negosyo ng California ng Taong 2007, National Federation of Independent Business

★ **PAGPAPABULAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 98** ★

Alinsunod sa mga rekord ng Sekretarya ng Estado, ang mga may-ari ng apartment at parke ng naililipat na bahay ay nagbayad ng MILYUN-MILYON upang mailagay ang proposisyong ito sa balota.

Ginagamit ng mga nagpapaupang ito ang pinakalumang panlalansing pampulitika sa libro—ANG PAIN AT PAGPAPALIT. Gusto nilang maniwala kayo na ang 98 ay tungkol sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian, pero ang tunay na gusto nila ay alisin ang mga pinakabasikong proteksiyon ng mga umuupa laban sa mga hindi makatarungang nagpapaupa.

Narito ang ilang katotohanan:

- Ang Prop. 98 AY NAG-AALIS NG PAGKONTROL NG RENTA.

Ang mga nagpapaupa ay maaaring magtaas ng mga renta nang kasingtaas ng gusto nila. Ang Prop. 98 ay nagpapahintulot sa mga renta na sobrang mas mataas kaysa makatarungan—ito ay pumapayag sa pang-aabuso sa renta kung saan kakaunti ang mga paupahan.

- INAAALIS NG 98 ANG MGA BASIKONG PROTEKSIYON PARA SA LAHAT NG UMUUPA, kabilang ang mga batas na nag-aatas ng makatarungang pagbabalik ng mga deposito sa renta at mga batas na nagpoprotekta sa mga umuupa laban sa mga hindi makatarungang pagpapaalis sa umuupa.

- ANG 98 AY MASAMA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.

Sa kanilang mga sariling pangangatwiran sa itaas, ang mga may-ari ay umamin na ang mga batas sa pagkontrol ng renta “ay tumutulong sa mga matanda, mahirap, may kapansanan, beterano, estudyante, at iba pa.” Pero nangangatwiran sila, na ang mga nagbabayad ng buwis ay dapat magbayad

ng higit para sa tinutustusang pabahay at tulong sa renta.

Sa maikli, gusto ng mga may-ari na ipasa ang 98 upang makapagtaas sila ng mga renta sa antas na gusto nila. At gusto nila na tayo, ang mga nagbabayad ng buwis, ay magbayad para rito.

- ANG MGA TADHANA NG 98 SA KAPANGYARIHANG KUMUHA NG PRIBADONG ARI-ARIAN AY MARAMING DEPEKTO.

Ang sinasabing mga tadhana ng Prop. 98 tungkol sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian ay masyadong mahina ang pagkakasulat kaya ang mga ito ay hahantong sa mga walang-kabuluhang demanda, karagdagang burukrasya at kuskos-balungos, at talagang makakapinsala sa mga may-ari ng bahay at sa lahat ng may-ari ng ari-arian.

Tanggihan ang atake ng mga may-ari sa mga umuupa at sa ating mga komunidad.

Bumoto ng HINDI sa Prop. 98.

Bisitahin ang www.NoProp98.org.

JEANNINE ENGLISH, Presidente sa Estado ng California
AARP

DEAN PRESTON, Ka-Tagapangulo
Coalition to Protect California Renters

KEN WILLIS, Presidente
League of California Homeowners

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 98 ★

Ang Proposisyon 98 ay isang MAPANLINLANG NA PAKANA ng mayayamang nagpapaupa upang alisin ang pagkontrol ng renta at ibang mga proteksiyon ng umuupa. Ang kanilang madepektong panukala ay nagtataglay rin ng mga nakatagong tadhana na makakapinsala sa kapaligiran at sa ating mga komunidad. BUMOTO NG HINDI.

Ang mayayamang may-ari ng apartment at naililipat ng bahay ay gumagasta ng milyun-milyon sa isang mapanlinlang na kampanya upang ipasa ang Prop. 98. Tanungin ang inyong sarili kung bakit?

Hindi mahalaga sa kanila ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian. Ang tunay na may-ari ng mga nagpapaupang ito ay pag-alis ng pagkontrol ng renta upang makapagtaas sila ng mga renta at kumita ng milyun-milyon.

Kayo mismo ang bumasa ng inisyatibo. Makikita ninyo na ang Prop. 98:

- Ay nag-aalis ng pagkontrol ng renta.
- Nagtatanggal ng mga basikong proteksiyon ng umuupa tulad ng pag-aatas ng makatarungang pagbabalik ng mga deposito sa renta.
- Nag-aalis ng mga proteksiyon na nag-aatas ng 60-araw na paunawa bago piling lumabas sa mga bahay ang mga umuupa.

Ang Prop. 98 ay MAGWAWASAK SA MILYUN-MILYON NG MGA UMUUPA kabilang ang mga beterano, nakatatanda, at mga batang pamilya.

Ang Prop. 98 ay ang pinakamasamang uri ng proposisyon ng espesyal na interes. Ito ay pakikinaabangan ng iilang mayamang nagpapaupa sa kapinsalaan ng milyun-milyong protektado ng pagkontrol ng renta at ibang mga batas na tumitiyak na ang mga umuupa ay makatarungang tinatratro.

• “Ako ay isang retirado at isang beterano, at ako ay 30 taon nang naninirahan sa aking istudyong apartment. Ang pagkontrol ng renta ay ang tanging paraan na makakaya ko ang bubong sa ibabaw ng aking ulo. Kapag pumasa ang 98, daan-daang libo ng mga nakatatanda ay maaaring humarap sa mga mabilis tumas na renta.”

—Robert C. Potter, 80, Beterano ng Armi ng Estados Unidos, San Francisco

• “Ako ay isang retiradong biyuda na nasa isang pirmihang kita. Ang Prop. 98 ay uawasak sa pananalapi ng maraming nakatatandang tulad ko na umaasa sa pagkontrol ng renta at ibang mga batas na nagpoprotekta sa amin laban sa mga hindi makatarungang nagpapaupa. Bumoto ng HINDI sa Prop. 98.”

—Helen J. Furber, 85, retirado, Calistoga

Ang mga problema sa 98 ay lumalampas sa pagtatapos ng pagkontrol ng renta. ANG MGA NAKATAGONG TADHANA AY NAKAKASIRA RIN SA MGA PROTEKSIYON NG KAPALIGIRAN.

Sa maliliit na letra ng 98 ay matatagpuan ang mga tadhana na maaaring magbawal sa mahahalagang batas na nagpoprotekta sa kapaligiran at tumitiyak ng reponsableng paglaki.

• “Ang Prop. 98 ay lumalampas sa pagkansela ng pagkontrol ng renta. Ito ay tutupok sa mahahalagang batas na nagpoprotekta sa ating hangin, lupa, tubig, baybayin at ligaw na buhay, at sa mga batas na kailangan natin upang labanan ang pandaigdig na pag-imit.”

—Jim Lyon, Bise Presidente para sa Konserbasyon, National Wildlife Federation

Ang mga nakatagong tadhana ng Prop. 98 ay NAGBABANTA SA ATING PANUSTOS NG LIGTAS, MALINI SA INIINOM NA TUBIG at sa ating kakayahan na protektahan ang kaligtasan ng publiko. Ang panukalang-batas ay lumulumpo rin sa ating kakayahan na lumikha ng mga komunidad na “matitirahan” ng matatanda—na may mga mapipili sa pabahay, mga paraan upang makarating sa kailangang puntahan, at daan sa mga serbisyong nagtataguyod ng kalayaan.

• “Prop. 98 ay sisira sa ating kakayahan na protektahan ang kalidad ng ating iniinom na tubig at makakuha ng mga bagong pinagkukunan ng tubig upang pigilan ang mga kakulangan ng tubig.”

—Tim Quinn, Tagapagpaganap na Direktor, Association of California Water Agencies

• “Bilang karagdagan sa pag-aalis ng pagkontrol ng renta, ang Prop. 98 ay nagtataglay ng mga nakatagong tadhana na humahadlang sa mga opisyal na nagpapatupad ng batas na tugunan ang mga kalagayan na waring sa lugar ng mga dukha na nakakatulong sa paglitaw ng krimen.”

—Richard Word, Presidente, California Police Chiefs Association

Huwag hayaan ang mayayamang nagpapaupa na makalusot sa kanilang pakana na alisin ang pagkontrol ng renta at alisin ang mga proteksiyon ng ating kapaligiran at ating mga komunidad. Sumama sa mga organisasyon ng nakatatanda, may-ari ng bahay, konserbasyon, kaligtasan ng publiko, at mga karapatan ng umuupa sa pagboto ng HINDI SA PROP. 98.

JEANNINE ENGLISH, Presidente sa Estado ng California
AARP

JANIS R. HIROHAMA, Presidente
League of Women Voters of California

RICHARD WORD, Presidente
California Police Chiefs Association

★ PAGPAPABULAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 98 ★

Hindi binanggit ng mga kalaban na ang Proposisyon 98 ay nagpoprotekta sa mga bahay, yunit na paupahan, bukid ng pamilya, maliit na negosyo, at lugar ng pagsamba laban sa pagkuha at pagbuldoser ng mga pulitiko at tagapagtayo upang gawing mga pangkomersiyong pagtatayo para sa kanilang mga pribadong tubo!

HINDI NAKAPAGTATAKA NA HINDI NILA BINANGGIT ANG MAHAHALAGANG PROTEKSIYONG ITO!—Ang mga kalaban AY mga pulitiko at tagapagtayo na kumukuha ng pribadong ari-arian na gusto nila, upang itaas ang mga buwis at magkaroon ng malalaking tubo sa pagtatayo!

Ang mga kalaban ay nagsasalita ng tungkol sa mayayamang nagpapaupa na mga tagasuporta ng Proposisyon 98. Kalokohan! Ang mga indibidwal na may-ari ng bahay na ang mga boluntaryong donasyon ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng Howard Jarvis Taxpayers Association na protektahan ang Proposisyon 13 at ating mga bahay ang siyang pinakamalaking mga tagaambag sa Proposisyon 98.

At ang mga pinakamalaking kalaban ng 98? Ang mga pulitiko at ang kanilang mga kaibigang malalaking tagapagtayo!

Dapat mahiya ang mga kalaban sa pagkumbinse sa 80-taong-gulang na beterano na si Robert at 85-taong-gulang na biyuda na si Helen upang magmungkahi na ang Proposisyon 98 ay tatapos sa mga pagkontrol ng

renta na inaasahan ni Robert at Helen. Ang katotohanan: Ang Proposisyon 98, Seksiyon 6, ay partikular na nagtatadhana na mga pagkontrol ng renta para sa bawat isa na ngayon ay sakop ng mga pagkontrol ng renta ay maaaring manatiling lubos na may-bisa para sa isang walang-limitasyong panahon. Basahin ang Proposisyon 98, Seksiyon 6 dito sa Patnubay sa Botante, at makikita ninyo na si Robert at Helen at ang bawat isa na sakop ngayon ng mga pagkontrol ng renta ay lubos na protektado.

Ang mas malaking panganib para sa kay Robert, Helen, at libu-libong iba pa na nawawalan ng kanilang mga bahay na kontrolado ang renta ay kung ang mga kalaban ng Proposisyon 98 ay pinahihintulutan na kumuha at magbuldoser ng mga ito at palitan ang mga bahay na kontrolado ang renta ng malalaking pamilihan.

CRUZ BACA SEMBELLO, Biktima ng Pagkuha ng Pamahalaan sa Bahay
Lunsod ng Baldwin Park

JOHN REVELLI, Biktima ng Pagkuha ng Pamahalaan ng Negosyo
Lunsod ng Oakland

JOEL AYALA, Presidente
California Hispanic Chambers of Commerce

KAPANGYARIHANG KUMUHA NG PRIBADONG ARI-ARIAN. LIMITASYON SA PAGKUHA NG PAMAHALAAN NG TIRAHANG INOOKUPAHAN NG MAY-ARI. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

- Nagbabawal sa estado at mga lokal na pamahalaan na gamitin ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kunin ang isang tirahang inookupahan ng may-ari, gaya ng nilinaw, para ilipat sa isang pribadong tao o pangnegosyong entidad.
- Lumilikha ng mga eksepsiyon para sa mga pampublikong gawain o pagpapabuti, proteksiyon ng pampublikong kalusugan at kaligtasan, at paghadlang sa krimen.

Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Walang malaking tama sa pananalapi ng estado o mga lokal na pamahalaan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

KASAYSAYAN

Ang estado ng California at mga lokal na pamahalaan ay madalas na kumukuha ng mga pribadong ari-arian upang magtayo ng mga pampublikong utilidad (tulad ng mga daan, parke, at paaralan) o upang itaguyod ang mga pampublikong layunin (tulad ng pagtatayong pagkabuhayan at abot-kayang pagbahay).

Sa karamihan ng mga pagkakataon, ang mga pamahalaan ay bumibili ng ari-arian mula sa pumapayag na nagbebenta. Kung minsan, gayunman, ang may-ari ng ari-arian ay ayaw ibenta ang kanilang ari-arian o hundi sumasang-ayon sa presyo ng pagbebenta. Sa mga kasong ito, ang batas ng California ay nagpapahintulot sa pamahalaan na kunin ang ari-arian mula sa isang pribadong may-ari sa kondisyon na ang pamahalaan ay:

- Gagamitin ang ari-arian para sa isang “pampublikong paggamit” (isang katawagan na malawak na binigyang-kahulugan upang mangahulugan ng iba’t ibang pampublikong layunin).
- Magbabayad sa may-ari ng arian ng “makatarungang kabayaran” (pangkaraniwan, ang pangkaraniwang halaga sa pamilihan) at mga gastos sa paglipat (kabilang ang ilang nawala sa negosyo).

Ang kapangyarihang ito ng pamahalaan na kumuha ng ari-arian para sa pampublikong paggamit ay tinatawag na “kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.” Ang katabing kahon ay nagkakaloob ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga tadhana ng pampublikong paggamit, makatarungang kabayaran, at mga gastos sa paglipat.

MUNGKAHI

Ang susog na ito sa saligang-batas ay naglilimita sa paggamit ng estado at lokal na pamahalaan sa mga kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian sa mga partikular na kalagayan. Sa partikular, ang panukala ay nagbabawal sa pamahalaan na gamitin ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kunin ang iisang-pamilyang bahay (kabilang ang isang kondominyum) para sa layunin na ilipat ito sa ibang pribadong partido (tulad ng isang tao, negosyo, o kapisanan).

Ang pagbabawal, gayunman, ay hindi umaaplay kung kinukuha ng pamahalaan ang bahay upang:

- Protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko.
- Hadlangan ang seryoso, paulit-ulit na gawaing kriminal.
- Tumugon sa isang emerhensiya.
- Remedyohan ang isang kontaminasyon ng kapaligiran na banta sa kalusugan at kaligtasan ng publiko.
- Gamitin ang ari-arian para sa pampublikong gawain, tulad ng isang daan na may-bayad o paliparan na pinatatakbo ng isang pribadong partido.

Bilang karagdagan, ang pagbabawal ay hindi iaaplay kung ang may-ari ng ari-arian ay hindi naninirahan sa bahay o nanirahan doon nang wala pang isang taon.

Awtoridad ng Pamahalaan na Kumuha ng Ari-arian sa Pamamagitan ng Kapangyarihang Kumuha ng Pribadong Ari-arian

Maaaring gamitin ng pamahalaan ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian para sa pampublikong paggamit kung ito ay magbabayad ng makatarungang kabayaran at mga gastos sa paglipat.

Ano ang Pampublikong Paggamit?

Sa mga karaniwang halimbawa ng pampublikong paggamit ay kabilang ang pagkakaloob ng mga bagong paaralan, daan, gusali ng pamahalaan, parke, at mga pasilidad ng pampublikong utilidad. Sa katawagang pampublikong paggamit ay kabilang ang malalawak na pampublikong layunin, tulad ng pagpapaunlad na pangkabuhayan, pag-aalis ng mga sirang tanawin sa kalunsuran at mga pampublikong kaguluhan, at pampublikong pag-aari ng mga serbisyong utilidad. Ang mga sumusunod na aktibidad ay itinuturing na pampublikong paggamit:

- Pagtataguyod ng muling pagpapaunlad ng downtown sa pamamagitan ng paglipat ng ari-arian sa ibang mga may-ari upang magtayo ng mga bagong tindahan, hotel, at ibang mga negosyo.
- Pagbawas ng mga sirang tanawin sa kalunsuran at krimen sa pamamagitan ng paglipat ng mga hindi nakakatugon sa pamantayan na mga apartment sa lugar na maraming krimen patungo sa isang di-nagtutubong organisasyon sa pabahay upang magbago ng yari at mamahala.
- Pagtiyak ng pampublikong pagkontrol ng mga serbisyong utilidad sa pamamagitan ng pagkuha ng pribadong mga sistema ng tubig at ibang utilidad at paglalagay sa mga ito sa ilalim ng pag-aari ng pamahalaan.

Ano ang Makatarungang Kabayaran at mga Gastos sa Paglipat?

Kabilang sa makatarungang kabayaran ang (1) pangkaraniwang halaga sa pamilihan ng ari-arian at (2) anumang kabawasan sa halaga ng natitirahang ari-arian kapag bahagi lamang ng parsela ang kinuha. Bilang karagdagan sa pagbabayad ng makatarungang kabayaran, ang batas ng California ay nag-aatas sa mga pamahalaan na magbayad sa mga may-ari ng ari-arian para sa mga partikular na ibang mga gugulin at nawala na kaugnay na paglipat sa pag-aari ng ari-arian.

Kaugnay na Panukalang-batas sa Balota. Ang balotang ito ay nagtataglay ng dalawang panukalang may kaugnayan sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian. Proposisyon 99 (ang panukalang ito) at Proposisyon 98: Kung ang panukalang ito ay inaprobahan ng mas maraming boto kaysa Proposisyon 98, ang panukalang-batas na ito ay nagtatadhana na ang mga tadhana ng Proposisyon 98 ay hindi magkakabisa.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Sa ilalim ng kasalukuyang batas at gawain, ang pamahalaan ay bihirang gumamit ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kumuha ng mga iisang-pamilyang bahay. Kahit kapag ginawa ito, ang pagkuha ay madalas na para sa layunin na ipinahihintulot sa ilalim ng panukalang-batas (tulad ng paggawa ng daan o paaralan). Kaya, ang panukalang-batas na ito ay hindi magbabago nang malaki sa kasalukuyang mga gawain ng pamahalaan sa pagkuha ng lupa.

Sa napakalimitadong bilang ng mga kaso, gayunman, ang panukalang-batas na ito ay maaaring magbigay sa pamahalaan ng:

- Matitipid—dahil hindi makukuha ng pamahalaan ang isang bahay na ayaw ipagbili ng may-ari.
- Gastos—dahil ang pamahalaan ay maaaring magbayad ng mas malaki upang bilhin ang isang bahay kaysa kung makukuha nito ang bahay na ginagamit ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.

Ang netong epekto sa pananalapi ng mga naturang aksyon ay hindi magiging malaki.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 99 ★

99

OO sa PROP. 99.

Tunay na Reporma sa Kapangyarihang Kumuha ng Tunay na Ari-arian—Walang mga Nakatagong Adyenda

Kailangan nating kumilos ngayon upang PROTEKTAHAN ANG MGA MAY-ARI NG BAHAY.

Noong 2005, ang Korte Suprema ng Estados Unidos ay nagpasiya na maaaring gamitin ng pamahalaan ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kunin ang bahay ng isang tao at ibigay ito sa isang pribadong tagapagtayo. Mula noon, may higit sa 40 estado na nagreporma sa kanilang mga batas sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian, pero ang California ay hindi kumilos. Kailangan nating kumilos ngayon upang sarhan itong butas na pambatas na nilikha ng desisyon ng Korte Suprema at upang protektahan ang mga may-ari ng bahay sa California laban sa mga pang-aabuso ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.

Ang Prop. 99 ay ang prangkang solusyon na kailangan natin upang MAGPROTEKTA LABAN SA MGA PANG-AABUSO SA KAPANGYARIHANG KUMUHA NG PRIBADONG ARI-ARIAN. Ang Prop. 99 ay nagtatadhana ng payak, makapangyarihang reporma sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.

- Ang Prop. 99 ay nagbabawal sa pamahalaan na gamitin ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang ilipat ito sa isang pribadong tagapagtayo.

- Inilalagay ng Prop. 99 ang mahalagang proteksiyong ito sa Saligang-batas ng ating estado upang tiyakin na hindi ito maaaring alisin ng pamahalaan nang walang boto ng mga tao.

- Hindi katulad ng ibang mga mapanlinlang na mungkahi, ang Prop. 99 ay WALANG MGA NAKATAGONG ADYENDA. Kayo mismo ang bumasa nito. Ang inyong makikita ay ang inyong makukuha. Ang Prop. 99 ay isang prangkang reporma sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian na nagpoprotekta sa mga may-ari ng bahay ngayon.

Ang mga grupo ng may-ari ng bahay, komunidad, at nakatatanda ay nagkaisa upang suportahan itong mahalagang reporma.

“Bilang isang opisyal na tagapagtaguyod ng Prop. 99, hinihimok ko ang

lahat ng Taga-California na bumoto ng OO. Ang Prop. 99 ay nagtatadhana ng kailangang-kailangang reporma sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang protektahan ang mga may-ari ng bahay sa buong California.”

—Ken Willis, Presidente, League of California Homeowners

“Ang League of Women Voters of California ay maingat na nagsuri sa Prop. 99. Ito ay isang prangkang panukalang-batas na ginagawa ang sinasabi nito: nagbabawal ng pagkuha ng mga bahay para sa mga proyektong pribadong pagtatayo.”

—Janis R. Hirohama, Presidente, League of Women Voters of California

“Ang Prop. 99 ay tumitiyak na ang mga nakatatanda at ibang mahihinang mamamayan ay protektado laban sa pagkawala ng kanilang mga bahay upang mapapunta sa isang pribadong tagapagtayo.”

—Nan Brasmer, Presidente, California Alliance for Retired Americans

HUWAG TANGGAPIN MGA PANGHALILI: Ang Prop. 99 ay ang tanging reporma sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian sa balota.

Ang ibang mga panukalang-batas ay maaaring magkunwaring magreporma sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian, pero ang Prop. 99 ay ang pinakamahusay na paraan upang protektahan ang mga may-ari ng bahay at hadlangan ang mga pang-aabuso sa hinaharap. Ang Prop. 99 ay prangka at malakas. Ito ay nagpoprotekta sa ating mga bahay laban sa pang-aabuso ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian. Puro at payak. Walang mga nakatagong adyenda.

Bumoto ng OO upang Protektahan ang mga May-ari ng Bahay sa California.

Bumoto ng OO sa Prop. 99.

KEN WILLIS, Presidente

League of California Homeowners

NAN BRASMER, Presidente

California Alliance for Retired Americans

JANIS R. HIROHAMA, Presidente

League of Women Voters of California

★ PAGPAPABULAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 99 ★

Alinsunod sa di-partidistang Opisina ng Pambatasang Manunuri ng California ang Proposisyon 99 *“ay hindi malamang na magbago nang malaki sa kasalukuyang gawain ng pamahalaan na kumuha ng lupa.”*

Ibig sabihin: “Ang Proposisyon 99 ay walang ginagawa.”

Pero ang mga pulitiko at tagapagtayo ay gumasta ng \$4,000,000.00+ upang ilagay ang Prop. 99 sa balota, gayong halos wala itong ginagawa!

Bakit? Dahil iniharap lamang nila ang 99 pagkatapos iharap ng mga may-ari ng bahay, mga pamilyang magsasaka, at may-ari ng maliit na negosyo ang Proposisyon 98.

Ayaw ng mga pulitiko at tagapagtayo na kayo ay bumoto ng OO sa 98, kaya sinisikap nilang lansiin kayo upang bumoto para sa “walang ginagawa” na Proposisyon 99.

Ang Prop. 99 ay nag-alis ng bawat proteksiyon para sa mga magsasaka, maliit na negosyo, mga inuupahang bahay. Basahin ang Prop. 99 dito sa Patnubay sa Botante. Mga maliit na negosyo? Mga Pamilyang Magsasaka? Mga Umuupa? Mga Lugar ng Pagsamba? Nawalang lahat.

Pero ang mga may-ari ng bahay? Ang 99 ay anyong nagpoprotekta sa mga may-ari ng bahay. Muli ang di-partidistang pagsusuri: Ang Proposisyon 99 *“ay hindi malamang na magbago nang malaki sa kasalukuyang gawain ng pamahalaan na kumuha ng lupa.”* Ang ibig sabihin nito ay walang pinoprotektahan ang 99. Ang mga may-ari ng bahay ay walang proteksiyon sa ilalim ng 99.

Ang pinakamasama! Kung ang 99 ay makatanggap ng mas maraming boto kaysa 98—KAHIT NA ANG PROPOSISYON 98 AY NAKATANGGAP NG MAYORIYA—ang 99 ay papatay sa LAHAT ng proteksiyon ng Proposisyon 98 para sa bawat isa, KABILANG ANG MGA MAY-ARI NG BAHAY! Kayo mismo ang magbasa nito sa Proposisyon 99, SEKSIYON 9, sa Patnubay na ito.

Magsama-sama, protektahan ang bawat isa, hindi ang iilan lamang. Iyan ay makatarungan. Bumoto ng OO sa 98.

Bumoto ng Hindi sa 99. Ang mga pulitiko at tagapagtayo na nagbayad ng \$4,000,000.00+ upang ilagay ang 99 sa inyong balota ay sumusubok ng isang lumang panlalansi sa eleksiyon. Hindi nila tayo nalansi noong ipasa natin ang Proposisyon 13; huwag hayaang malansi nila tayo ngayon!

Bisitahin ang YesProp98.com.

Hindi sa 99!

JON COUPAL, Presidente

Howard Jarvis Taxpayers Association,

Protect Prop. 13 Committee

DOUG MOSEBAR, Presidente

California Farm Bureau

STEVE L. CAUGHNAN, May-ari ng Maliit na Negosyo ng California ng Taong 2007, National Federation of Independent Business

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 99 ★

Ang di-partidistang Opisina ng Pambatasang Manunuri ng Estado ng California ay nagsabi na ang Proposisyon 99 “*ay hindi malamang na magbago nang malaki sa kasalukuyang gawain ng pamahalaan na kumuha ng lupa.*”

Sa pang-araw-araw na pananalita: “Ang Proposisyon 99 ay walang ginagawa.”

Kaya bakit ang mga pulitiko at tagapagtayo ay gumasta ng \$4,000,000.00+ upang ilagay ang Prop. 99 sa balota, gayong halos wala itong ginagawa?

Iniharap lamang nila ang 99 at gumasta ng \$4 na milyon pagkatapos iharap ng mga may-ari ng bahay, mga pamilyang magsasaka, at may-ari ng maliit na negosyo ang Proposisyon 98.

Ang Proposisyon 98 ay nagpoprotekta sa LAHAT ng pribadong ari-arian sa California. Ang Proposisyon 99 ay walang pinoprotektahan.

Ayaw ng mga pulitiko at tagapagtayo na kayo ay bumoto ng Oo sa 98, kaya sinisikap nilang lansihin kayo upang bumoto para sa “walang ginagawa” na Proposisyon 99.

Sa mga nakaraang eleksiyon, nakita ninyo ang mga makapangyarihang espesyal na interes na ginamit ang panlalansing ito upang subukang talunin ang mga tanyag na proposisyon sa balota. Ang dalawang proposisyon sa kaparehong paksa ay maaaring makalito sa mga botante.

Sinubok ng mga pulitikong laban sa Proposisyon 98 ang kaparehong panlalansi maraming taon na ang nakalilipas nang salungatin nila ang Proposisyon 13. Naglagay sila ng isang mahina, walang-ginagawa na Proposisyon na inasahang makalalansi sa mga botante upang labanan ang Prop. 13!

Ang lumang laro na “lansihin natin ang botante” ay narito na naman—dinala sa inyo, ngayon, ng mga pulitiko at tagapagtayo na kumukuha ng mga bahay, maliit na negosyo, bukid ng pamilya, at lugar ng pagsamba mula sa mga may-ari na ayaw ipagbili ang mga ito at gawin ang mga ito na mga bentahan ng kotse, mga pangkat ng tindahan, at ang katulad nito.

Sa 99 inalis nila ang bawat proteksiyon para sa mga magsasaka, maliit na negosyo, at inuupahang bahay. Basahin ang Prop. 99 nang mabuti dito sa Patnubay sa Botante. Mga maliit na negosyo? Mga Pamilyang Magsasaka? Mga Umuupa? Mga Lugar ng Pagsamba? Nawalang lahat. Wala anumang proteksiyon.

Pero ang mga may-ari ng bahay? Ang 99 ay anyong nagpoprotekta sa mga may-ari ng bahay. Pero ang demonyo ay nasa mga detalye. Sa ilalim

ng 99 madali nilang makukuha ang inyong bahay. Basahin ang 99, sinasabi nito na ang mga bahay ay maaaring kunin sa ilalim ng mga partikular na kalagayan.” At ang “partikular na kalagayan ito” ay marami!

Sa huli, ang mga may-ari ng bahay ay walang proteksiyon sa ilalim ng 99. Basahing muli ang di-partidistang pagsusuri: Ang Proposisyon 99 “*ay hindi malamang na magbago nang malaki sa kasalukuyang gawain ng pamahalaan na kumuha ng lupa.*” Ang ibig sabihin nito ay walang pinoprotektahan ang 99.

Pero ito ay mas masama pa! Idinagdag ng mga pulitiko at tagapagtayo na kung ang 99 ay makatanggap ng mas maraming boto kaysa 98—KAHIT NA ANG PROPOSISYON 98 AY MAKATANGGAP NG MAYORIYA—ang 99 ay papatay sa lahat ng proteksiyon ng Proposisyon 98 para sa bawat isa, KABILANG ANG MGA MAY-ARI NG BAHAY! TALAGA! Kung hindi kayo naniniwala sa amin, kayo mismo ang bumasa nito sa SEKSIYON 9 ng Proposisyon 99 dito sa Patnubay sa Botante.

Ang mga umuupa, may-ari ng maliit na negosyo, may-ari ng bahay, mga relihiyosong kongregasyon, mga pamilyang magsasaka. . . wala sa atin na gustong makita ang ating mga bahay at ari-arian na binulldoser. Magsama-sama tayo, protektahan ang bawat isa, hindi ang iilan lamang. Ito ay makatarungan lamang. Bumoto ng Oo sa 98.

Tandaan, ang Prop. 98 lamang ang nagpoprotekta sa lahat ng pribadong ari-arian sa California, ang Prop. 99 ay walang pinoprotektahan.

Bumoto ng Hindi sa 99, ang mga pulitiko at tagapagtayo na nagbayad ng \$4,000,000.00+ upang ilagay ang 99 sa inyong balota ay sumusubok ng isang lumang panlalansi sa eleksiyon. Hindi nila tayo nalansi noong ipasa natin ang Proposisyon 13; huwag hayaang malansi nila tayo ngayon!

Bisitahin ang YesProp98.com.

Hindi sa 99!

JON COUPAL, Presidente

Howard Jarvis Taxpayers Association,

Protect Prop. 13 Committee

DOUG MOSEBAR, Presidente

California Farm Bureau

STEVE L. CAUGHNAN, May-ari ng Maliit na Negosyo ng California ng Taong 2007, National Federation of Independent Business

★ PAGPAPABULAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 99 ★

Ang mga taong sumasalungat sa Proposisyon 99 ay ang mga kaparehong may-ari ng apartment at naililipat na bahay na gustong lansihin kayo upang pumasa ang Proposisyon 98—ang madepektong panukalang-batas sa balotang ito na isang pain at pagpapalit na pakana ng mayayamang nagpapaupa upang alisin ang pagkontrol ng renta at ibang mga proteksiyon ng umuupa.

Habang ang Prop. 98 ay puno ng mga nakatagong adyenda, ang Prop. 99 ay isang prangka at makapangyarihang reporma sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian: pinatitigil nito ang pamahalaan na kumuha ng mga bahay upang ilipat sa isang pribadong tagapagtayo.

Ang independiyenteng di-partidistang Pambatasang Manunuri ng California ay sumulat: Ang Prop. 99 “*Ay nagbabawal sa pamahalaan na gamitin ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kumuha ng isang bahay . . .*”

Ang Pangkalahatang Abugado ng Estado ay nagsuri sa Proposisyon 99 at sa opisyal na buod ay sumulat: Ang Prop. 99 “*ay nagbabawal sa estado at mga lokal na pamahalaan na gamitin ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kunin ang isang tirahang inookupahan ng may-ari . . .*”

At ang League of Women Voters of California ay nagsabi: “*Ito ay isang prangkang panukalang-batas na ginagawa ang sinasabi nito: nagbabawal ng pagkuha ng mga bahay para sa mga proyektong pribadong pagtatayo.*”

ANG MGA NANGUNGUNANG ORGANISASYON SA CALIFORNIA AY SUMUSUPORTA SA PROP. 99, kabilang ang:

- League of California Homeowners
- League of Women Voters of California
- California Police Chiefs Association
- California Alliance for Retired Americans
- Consumer Federation of California

Ang Proposisyon 99 ay ang tanging panukalang-batas sa balotang ito na nagtataglay ng purong reporma sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian, na walang nakatagong tadhana na nakasulat upang pakinabangan ng mga isponsor na espesyal na interes.

Ang Prop. 99 ay magpapatigil sa pamahalaan na kumuha ng mga bahay upang ibigay sa isang pribadong tagapagtayo. Walang mga nakatagong adyenda. Walang mga magastos at nakapipinsalang bunga.

Bumoto ng Oo sa Prop. 99—Protektahan ang mga May-ari ng Bahay sa California.

www.YesProp99.org

JANIS R. HIROHAMA, Presidente

League of Women Voters of California

RICHARD WORD, Presidente

California Police Chiefs Association

KEN WILLIS, Presidente

League of California Homeowners

TEKSTO NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS

PROPOSISYON 98

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao ng California alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagsusog sa isang seksiyon ng Saligang-batas ng California; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong tinatangal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. PAHAYAG NG MGA NAPAG-ALAMAN

(a) Ang ating Saligang-batas ng estado, habang naggagawad sa pamahalaan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian, ay nagtatadhana rin na ang mga tao ay may hindi maihihiwalay na karapatang mag-ari, mag-angkin, at magprotekta ng pribadong ari-arian. Ito ay nagtatadhana rin na walang tao na maaaring pagkaitan ng ari-arian nang walang angkop na paraan ng batas, at ang pribadong ari-arian ay hindi maaaring kunin o pinsalain ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian maliban sa pampublikong paggamit at pagkatapos lamang na ang makatarungang kabayaran ay ibinayad sa may-ari ng ari-arian.

(b) Sa kabila nitong malilinaw na garantiya ng saligang-batas, ang mga hukuman ay hindi nagprotekta sa mga karapatan ng mga tao laban sa paglabag ng estado at mga lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.

(c) Halimbawa, ang Korte Suprema ng Estados Unidos, sa *Kelo v. Lungsod ng New London*, ay nagpasiya na ang pamahalaan ay maaaring gumamit ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kunin ang ari-arian mula sa may-ari nito para sa layunin na ilipat ito sa isang pribadong tagapagtayo. Sa ibang mga kaso, ang mga hukuman ay nagpahintulot sa pamahalaan na magtakda ng presyo na maaaring singilin ng may-ari upang ipagbili o paupahan ang kanyang ari-arian, at nagpahintulot sa pamahalaan na kumuha ng ari-arian para sa layunin ng pagkuha ng kita o yaman ng negosyo ng ari-arian.

(d) Ang lupa ng bukid ay walang laban sa mga ganitong uri ng mga pang-aabuso ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.

SEKSIYON 2. PAHAYAG NG LAYUNIN

(a) Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay maaring gumamit ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kumuha ng ari-arian para lamang sa mga pampublikong paggamit, tulad ng mga daan, parke, at mga pampublikong pasilidad.

(b) Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay hindi maaaring gumamit ng kanilang kapangyarihan upang kumuha o puminsala ng ari-arian para pakinabangan ng sinumang pribadong tao o entidad.

(c) Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay hindi maaaring kumuha ng pribadong ari-arian sa pamamagitan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang ilagay ito sa kaparehong paggamit na ginawa ng pribadong may-ari.

(d) Kapag ang estado o mga lokal na pamahalaan ay gumamit ng kapangyarihang gumamit ng pribadong ari-arian upang kumuha o puminsala ng pribadong ari-arian para sa mga pampublikong paggamit, ang may-ari ay dapat tumanggap ng makatarungang kabayaran para sa kinuha o pininsala.

(e) Dahil dito, ang mga tao ng estado ng California sa pamamagitan nito ay nagpapatibay ng “Batas sa Proteksiyon ng mga May-ari ng Ari-arian at Lupa ng Bukid ng California.”

SEKSIYON 3. SUSOG SA SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA

Seksiyon 19 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California ay sinusugan upang mabasang:

SEK. 19. (a) Ang pribadong ari-arian ay maaaring kunin o pinsalain *tangi* para sa *ipinahayag na* pampublikong paggamit ~~lamang~~ at kapag ang makatarungang kabayaran, tiniyak ng isang lupon ng mga tagahatol maliban kung tinalikdan, ay binayaran muna, o sa hukuman, ng may-ari. Ang Lehislatura ay maaaring magtadhana para sa pag-aangkin ng nagkondena kasunod ng pagsisimulang mga pamamaraan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian pagkatapos ng pagdeposito sa hukuman at kaagad na paglalabas sa may-ari ng perang tiniyak ng hukuman na malamang na halaga ng makatarungang kabayaran. *Ang pribadong ari-arian ay hindi maaaring kunin o pinsalain para sa pribadong paggamit.*

(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito:

(1) “Kinuha” ay kabilang ang paglipat ng pag-aari, pag-okupa, o paggamit ng ari-arian mula sa isang pribadong may-ari sa isang pampublikong ahensiya o sa sinumang tao o entidad na iba sa pampublikong ahensiya, o naglilimita sa presyo na maaaring singilin ng isang pribadong may-ari sa ibang tao upang bilhin, okupahan o gamitin ang kanyang tunay na ari-arian.

(2) “Pampublikong paggamit” ay nangangahulugang paggamit at pag-aari ng isang pampublikong ahensiya o isang nireregulang pampublikong entidad para sa pampublikong paggamit na ipinahayag sa panahon ng pagkuha, kabilang ang mga pampublikong pasilidad, pampublikong transportasyon, at mga pampublikong utilidad, maliban sa wala rito na nagbabawal sa pagpapaupa ng limitadong espasyo para sa mga pribadong paggamit na bunga ng ipinahayag na pampublikong paggamit; at ang paggamit ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian ay hindi rin ipinagbabawal upang ibalik ang mga utilidad o daan sa paggamit sa isang pampublikong daan para sa anumang pribadong ari-arian na inihiwalay mula sa mga utilidad o daan sa paggamit sa isang pampublikong daan bilang resulta ng pagkuha para sa pampublikong paggamit o gaya ng nilinaw rito.

(3) “Pribadong paggamit” ay nangangahulugang:

(i) paglipat ng pag-aari, pag-okupa o paggamit ng pribadong ari-arian o kaugnay na mga karapatan sa ari-arian sa sinumang tao o entidad na iba sa isang pampublikong ahensiya o isang nireregulang pampublikong utilidad;

(ii) paglipat ng pag-aari, pag-okupa o paggamit ng pribadong ari-arian o kaugnay na mga karapatan sa ari-arian sa isang pampublikong ahensiya para sa paggamit ng mga likas na kayamanan o para sa katulad o o malaki ang pagkakatulad na paggamit na gaya ng ginawa ng pribadong may-ari; o

(iii) regulasyon ng pag-aari, pag-okupa o paggamit ng pribadong pag-aari na tunay na ari-arian o kaugnay na mga

karapatan sa ari-arian upang ilipat ang benepisyong pangkabuhayan sa isa o higit na pribadong tao sa kapinsalaan ng may-ari ng ari-arian.

(4) “Pampublikong ahensiya” ay nangangahulugang ang estado, espesyal na distrito, county, lungsod, lungsod at county, kabilang ang isang lungsod o county ng saligang-batas, at anumang ibang lokal o panrehiyong entidad ng pamahalaan, munisipal na korporasyon, utilidad o distrito ng utilidad na pag-aari ng pampublikong ahensiya, o ng manghahalal ng anumang pampublikong ahensiya.

(5) “Makatirang kabayaran” ay nangangahulugang:

(i) para sa ari-arian o kaugnay na mga karapatan sa ari-arian na kinuha, ang pangkaraniwang halaga nito sa pamilihan;

(ii) para sa ari-arian o kaugnay na mga karapatan sa ari-arian na pininsala, ang halaga na itinakda ng isang lupon ng mga tagahatol, o ng hukuman kung ang isang lupon ng mga tagahatol ay tinalikdan;

(iii) isang paggawad ng makatwirang gastos at mga bayad sa abugado mula sa pampublikong ahensiya kung ang may-ari ng ari-arian ay nakakuha ng isang hatol na higit sa halagang inialok ng isang pampublikong ahensiya gaya ng nilinaw rito; at

(iv) anumang karagdagan aktuwal at kailangang halaga upang bayaran ang may-ari ng ari-arian para sa pansamantalang nawala sa negosyo; mga gugulin sa paglipat, mga gastos sa muling pagtatag ng negosyo; ibang aktuwal at makatwirang gugulin at ibang mga gugulin na itinuring ng Lehislatura na mababayaran.

(6) “Kaagad na pagpapalabas” ay nangangahulugang ang may-ari ng ari-arian ay maaaring magkaroon ng kaagad na pag-aangkin ng perang idineposito ng tagakondena nang hindi nakakapinsala sa kanyang karapatang salungatin ang pagtiyak ng pangkaraniwang halaga sa pamilihan o ang kanyang karapatang salungatin ang pagkuha na para sa pribadong paggamit.

(7) “May-ari” ay kabilang ang isang umuupa na ang mga karapatan sa ari-arian ay kinuha o pininsala.

(8) “Nireregulang pampublikong utilidad” ay nangangahulugang anumang pampublikong utilidad gaya ng inilarawan sa Artikulo XII, Seksiyon 3, na nireregula ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California at hindi pag-aari ng isang pampublikong ahensiya. Ang mga nireregulang pampublikong utilidad ay mga may-ari ng pribadong ari-arian para sa mga layunin ng artikulong ito.

(c) Sa anumang aksiyon ng isang may-ari ng ari-arian na sumasalungat sa isang pagkuha o pagpinsala ng kanyang ari-arian, ang hukuman ay dapat magsaalang-alang sa lahat ng mga may-kaugnayang ebidensiya at paggamit ng independiyenteng pagpapasiya nito, hindi limitado sa rekord na pampangasiwaan at walang pagyukod sa mga napag-alaman ng pampublikong ahensiya. Ang may-ari ng ari-arian ay dapat na karapat-dapat sa isang gawad ng mga makatwirang gastos at mga bayad sa abugado mula sa pampublikong ahensiya kung ipinasiya ng hukuman na ang mga aksiyon ng ahensiya ay hindi sumusunod sa seksiyong ito. Bilang karagdagan sa ibang mga legal at pantay na remedyo na maaaring makuha, ang isang may-ari na ang ari-arian ay kinuha o pininsala para sa pribadong paggamit ay maaaring magdala ng aksiyon para sa isang atas, isang kasulatan ng

pag-uutos, o isang deklarasyon na nagpapawalang-bisa sa aksiyon ng pampublikong ahensiya.

(d) Wala sa seksiyong ito na nagbabawal sa isang pampublikong ahensiya o nireregulang pampublikong utilidad na pumasok sa isang kasunduan sa isang pribadong may-ari ng ari-arian para sa boluntaryong pagbebenta ng ari-arian na hindi napapailalim sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian, o isang pagtatadhana tungkol sa pagbabayad ng makatarungang kabayaran.

(e) Kung ang isang ari-arian ay kinuha ng isang pampublikong ahensiya sa pamamagitan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian, bago maaaring ilagay ng ahensiya ang ari-arian sa isang paggamit na malaki ang pagkakaiba sa ipinahayag na pampublikong paggamit, o ilipat ang ari-arian sa ibang tao o hindi kasaping ahensiya, ang nagkokondenang ahensiya ay dapat gumawa ng matapat na pagsisikap na ilipat ang pribadong may-ari na kinunan ng ari-arian, at gumawa ng nakasulat na alok na ipagbili ang ari-arian sa kanya sa presyo na ibinayad ng ahensiya sa may-ari, daragdagan lamang ng pangkaraniwang halaga sa pamilihan ng anumang mga pagpapabuti, ikinabit, o idinagdag ng pampublikong ahensiya, at binawasan ng halagang bunga ng anumang pagtanggap, pagsira o pag-aksaya ng mga pagpapabuti, ikinabit o idinagdag na nakuha kasama ng ari-arian. Kung ang ari-arian ay muling binili ng dating may-ari sa ilalim ng subdibisyong ito, ito ay dapat buwisin batay sa nakatalang halaga bago ang pagkondena, dinagdagan at binawasan lamang gaya ng ipinahihintulot dito, kasama ang anumang mga pag-aakma sa implasyon na iniawtorisa ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 2 ng Artikulo XIII A. Ang karapatang muling bumili ay dapat iaplay lamang sa may-ari na kinunan ng ari-arian, at hindi umaaplay sa mga tagapagmana o kapalit ng may-ari, kung ang may-ari ay hindi isang likas na tao, sa isang entidad na tumigil na legal na manatili.

(f) Wala sa seksiyong ito na nagbabawal sa isang pampublikong ahensiya na gamitin ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang pagaanin ang mga pampublikong kaguluhan o kriminal na aktibidad.

(g) Wala sa seksiyong ito na dapat ipakahulugan na nagbabawal o nagpapahina sa mga boluntaryong kasunduan sa pagitan ng isang may-ari ng ari-arian at isang pampublikong ahensiya upang bumuo o magbagong-tatag ng abot-kayang pagbahay.

(h) Wala sa seksiyong ito na nagbabawal sa Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California na regulahan ang mga presyo ng pampublikong utilidad.

(i) Wala sa seksiyong ito na dapat magbawal sa mga kapangyarihan ng Gobernador na kumuha o puminsala ng pribadong ari-arian kaugnay ng kanyang mga kapangyarihan sa ilalim ng isang idineklarang emerhensiyang kalagayan.

SEKSIYON 4. PAGPAPATUPAD AT SUSOG

Ang batas na ito ay dapat na nagpapaganap sa sarili. Ang Lehislatura ay maaaring magpatibay ng mga batas upang isulong ang mga layunin ng batas na ito at tumulong sa pagpapatupad nito. Walang susog sa batas na ito na maaaring gawin maliban sa pamamagitan ng isang boto ng mga tao alinsunod sa Artikulo II o Artikulo XVIII ng Saligang-batas ng California.

SEKSIYON 5. KAKAYAHANG IHIWALAY

Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa na iyon ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit na maaaring bigyan ng saysay nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit.

SEKSIYON 6. PETA NG PAGKAKABISA

Ang mga tadhana ng batas na ito ay dapat magkabisa sa araw na kasunod ng eleksiyon (“petsa ng pagkakabisa”); maliban sa anumang batas, tadhana ng saligang-batas, ordinansa, o regulasyon ng isang pampublikong ahensiya na pinagtibay bago ang Enero 1, 2007, na naglilimita sa presyo na maaaring singil ng isang may-ari ng paupahang ari-arian sa isang umuupa upang okupahan ang isang yunit na tirahan (“yunit”) o espasyo ng naililipat na bahay (“espasyo”) ay mananatiling may-bisa sa naturang yunit o espasyo pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa hanggang sa, pero sa kondisyon lamang, na kahit isa sa mga umuupa ng naturang yunit o espasyo sa petsa ng pagkakabisa (“kuwalipadong umuupa”) ay patuloy na naninirahan sa naturang yunit o espasyo bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan. Sa naturang panahon na ang yunit o espasyo ay hindi na ginagamit ng sinumang kuwalipikadong umuupa bilang kanyang pangunahing lugar na tirahan dahil, tungkol sa naturang yunit o espasyo, siya ay: (a) boluntaryong nag-iwan; (b) nagtalaga, nagpaupa, nagbenta o naglipat ng kanyang mga karapatan sa pag-upa nang boluntaryo o sa utos ng hukuman; (c) nag-abandona; (d) namatay; o siya ay (e) pinaalis alinsunod sa talataan (2), (3), (4) o (5) Seksiyon 1161 ng Kodigo ng mga Sibil na Pamamaraan o Seksiyon 798.56 ng Kodigo Sibil na may-bisa noong Enero 1, 2007; pagkaraan, at sa naturang pangyayari, ang mga tadhana ng batas na ito ay dapat magkabisa kaagad sa naturang yunit o espasyo.

PROPOSISYON 99

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao ng California alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagsusug sa isang seksiyon ng Saligang-batas ng California; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

TITULO. Ang panukalang-batas na ito ay dapat makilala bilang ang “Batas sa Proteksiyon ng mga May-ari ng Bahay at Pribadong Ari-arian.”

IMINUMUNGKAHING BATAS**SEKSIYON 1. LAYUNIN AT INTENSIYON**

Sa pagpapatibay ng panukalang-batas na ito, ang mga tao ng California sa pamamagitan nito ay nagpapahayag ng kanilang intensiyon na:

- (a) Protektahan ang kanilang mga bahay laban sa pang-aabuso ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.
- (b) Pagbawalan ang mga ahensiya ng pamahalaan na gamitin

ang kapangyarihang kumuha ng bahay na inookupahan ng may-ari upang ilipat ito sa isang pribadong may-ari o tagapagtayo.

(c) Susugan ang Saligang-batas ng California upang tumugon partikular sa mga katotohanan at sa desisyon ng Korte Suprema ng Estados Unidos sa *Kelo v. Lungsod ng New London*, kung saan ang Korte ay nagpasiya na ipinahihintulot na gamitin ng isang lungsod ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian upang kunin ang isang bahay ng isang babae sa Connecticut para sa layunin na pagpapaunlad na pangkabuhayan.

(d) Igalang ang desisyon ng mga botante na tanggiin ang Proposisyon 90 noong Nobyembre 2006, isang panukalang-batas na kabilang ang reporma sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian pero kabilang din ang mga hindi kaugnay na tadhana na magpapailalim sa mga nagbabayad ng buwis sa malaking pinansiyal na liabilidad mula sa maraming magkakaibang tradisyunal na aksiyong pambatasan at pampangasiwaan upang protektahan ang kapakanan ng publiko.

(e) Magkaloob ng karagdagang proteksiyon para sa mga pribadong may-ari ng ari-arian nang hindi kabilang ang mga tadhana, tulad ng nasa Proposisyon 90, na nagpapailalim sa mga nagbabayad ng buwis sa liabilidad para sa pagpapatibay ng tradisyunal na mga aksiyong pambatasan at pampangasiwaan upang protektahan ang kapakanan ng publiko.

(f) Panatilihin ang pagkakaiba sa Saligang-batas ng California sa pagitan ng Seksiyon 19, Artikulo I, na nagtatag ng batas para sa kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian, at Seksiyon 7, Artikulo XI, na nagtatatag ng batas para sa aksiyong pambatasan at pampangasiwaan upang protektahan ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng publiko.

(g) Magkaloob ng isang masaklaw at eksklusibong batayan sa Saligang-batas ng California upang bayaran ang mga may-ari ng ari-arian kapag ang ari-arian ay kinuha o pininsala ng estado o mga lokal na pamahalaan, nang hindi nakakaapekto sa mga aksiyong pambatasan at pampangasiwaan na ginawa upang protektahan ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng publiko.

SEKSIYON 2. SUSOG SA SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA

Seksiyon 19 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California ay sinusugan upang mabasang:

SEK. 19. (a) Ang pribadong ari-arian ay maaaring kunin o pinsalain para lamang sa *isang* pampublikong paggamit at kapag ang makatarungang kabayaran, tiniyak ng isang lupon ng mga tagahatol maliban kung tinalikdan, ay binayaran muna, o sa hukuman, ng may-ari. Ang Lehislatura ay maaaring magtadhana para sa pag-aangkin ng nagkondena kasunod ng pagsisimula ng mga pamamaraan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian pagkatapos ng pagdeposito sa hukuman at kaagad na paglalabas sa may-ari ng perang tiniyak ng hukuman na malamang na halaga ng makatarungang kabayaran.

(b) Ang Estado at mga lokal na pamahalaan ay pinagbabawalan na kumuha sa pamamagitan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian ng isang tirahan na inookupahan ng may-ari para sa layunin na ilipat ito sa isang pribadong tao.

(c) Subdibisyon (b) ng seksiyong ito ay hindi umaaplay kapag ang Estado o lokal na pamahalaan ay gumamit ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian para sa layunin na protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko; paghadlang sa seryoso, paulit-ulit na kriminal na aktibidad; pagtugon sa isang

emerhensiya; o pagremedyo sa kontaminasyon ng kapaligiran na nagpapakita ng banta sa kalusugan at kaligtasan ng publiko.

(d) *Subdibisyon (b) ng seksiyong ito ay hindi umaaplay kapag ang Estado o lokal na pamahalaan ay gumamit ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian para sa layunin na kumuha ng pribadong ari-arian para sa isang pampublikong gawain o pagpapabuti.*

(e) *Para sa layunin ng seksiyong ito:*

1. *“Paglipat” ay nangangahulugang paglipat ng tunay na ari-arian sa pamamagitan ng pagbebenta, pag-upa, regalo, prangkisa, o ibang paraan.*

2. *“Lokal na pamahalaan” ay nangangahulugang alinmang lungsod, kabilang ang isang lungsod ng saligang-batas, county, lungsod at county, distrito ng paaralan, espesyal na distrito, awtoridad, panrehiyong entidad; ahensiya ng muling pagpapaunlad, o anumang ibang subdibisyong pampulitika sa loob ng Estado.*

3. *“Tirahang inookupahan ng may-ari” ay nangangahulugang tunay na ari-arian na pinabubuti sa isang iisang-pamilyang tirahan tulad ng nakahiwalay na bahay, kondominyum, o townhouse at pangunahing lugar na tirahan ng may-ari o mga may-ari para sa kahit isang taon bago ang unang nakasulat na alok ng Estado o lokal na pamahalaan na bilhin ang ari-arian. Ang tirahang inookupahan ng may-ari ay kabilang din ang isang yunit na tirahan na kakabit o nakahiwalay sa naturang iisang-pamilyang tirahan na nagkaloob ng kumpletong independiyenteng pasilidad sa paninirahan para sa isa o higit na tao.*

4. *“Tao” ay nangangahulugang sinumang indibidwal o kapisanan, o anumang entidad ng negosyo, kabilang ang, pero hindi limitado sa, isang sanggahan, korporasyon, o limitadong liabilidad na kompanya.*

5. *“Pampublikong gawain o pagpapabuti” ay nangangahulugang mga pasilidad o imprastruktura para sa paghahatid ng mga pampublikong serbisyo tulad ng edukasyon, pulisya, proteksiyon sa sunog, mga parke, emerhensiyang medikal, kalusugan ng publiko, mga aklatan, proteksiyon sa baha, mga kalye o haywey, pampublikong paghahatid, daang-riles, mga paliparan at daungan; utilidad, panlahat na tagapagdala o ibang mga katulad na proyekto tulad ng kaugnay-ng-enerhiya, kaugnay-ng-komunikasyon, kaugnay-ng-tubig at kaugnay-ng-basurang tubig na mga pasilidad o imprastruktura; mga proyektong tinukoy ng Estado o lokal na pamahalaan para sa pagbangon mula sa mga likas na kalamidad; at mga pribadong paggamit na bunga, o kailangan, ng pampublikong gawain o pagpapabuti.*

6. *“Estado” ay nangangahulugang ng Estado ng California at alinman sa mga ahensiya o kagawaran nito.*

SEKSIYON 3. Sa pagpapatibay ng panukalang-batas na ito, ang mga botante ay hindi naghahangad na baguhin ang kahulugan ng mga katawagan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 19, Artikulo I ng Saligang-batas ng California, kabilang ang, walang limitasyon, “kinuha,” “pininsala,” “pampublikong paggamit,” at “makatarungang kabayaran,” at sadyang hindi nagpapataw ng anumang mga kabawalan sa paggamit ng kapangyarihan alinsunod sa Seksiyon 19, Artikulo I, iba sa malinaw na itinatatadhana sa panukalang-batas na ito.

SEKSIYON 4. Ang mga tadhana ng Seksiyon 19, Artikulo I, kasama ng mga susog na ginawa nitong inisyatibo, bumubuo ng eksklusibo at masaklaw na awtoridad sa Saligang-batas ng California para sa paggamit ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian at para sa pagbabayad ng kabayaran sa mga may-ari ng ari-arian kapag ang pribadong ari-arian ay kinuha o pininsala ng estado o lokal na pamahalaan. Wala sa inisyatibong ito na dapat maglimita sa kakayahan ng Lehislatura na magkaloob ng kabayaran bilang karagdagan sa iniaatas ng Seksiyon 19 ng Artikulo I sa mga may-ari ng ari-arian na ang ari-arian ay kinuha o pininsala ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian.

SEKSIYON 5. Ang mga susog na ginawa ng inisyatibong ito ay hindi dapat umaplay sa pagkuha ng tunay na ari-arian kung ang unang nakasulat na alok na bumili ng ari-arian ay ginawa sa o bago ang petsa na ang inisyatibo ay nagkabis, at ang isang resolusyon ng pangangailangan na kumuha ng tunay na ari-arian sa pamamagitan ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian ay pinagtibay sa o bago ang 180 araw pagkaraan ng petsang iyon.

SEKSIYON 6. Ang mga salita at prase na ginagamit sa mga susog sa Seksiyon 19, Artikulo I ng Saligang-batas ng California na ginawa ng inisyatibong ito na hindi nilinaw sa subdibisyon (e), ay dapat linawin at bigyang-kahulugan sa isang paraan na kaayon sa batas na may-bisa noong Enero 1, 2007, at ang batas na iyon ay maaaring susugan o bigyang-kahulugan pagkaraan.

SEKSIYON 7. Ang mga tadhana ng panukalang-batas na ito ay dapat na malayang ipakahulugan upang isulong ang intensiyon nito na magkaloob sa mga may-ari ng bahay ng proteksiyon laban sa mga paggamit ng kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian kung saan ang isang tirahan na inookupahan ng may-ari ay inilipat sa huli sa isang pribadong tao.

SEKSIYON 8. Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng panukalang-batas na ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa na iyon ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit na maaaring bigyan ng saysay nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit.

SEKSIYON 9. Kung ang panukalang-batas na ito ay lumitaw sa kaparehong pambuon-estadong eleksiyon na balota bilang ibang inisyatibong panukalang-batas o mga panukalang-batas na naghahangad na maapektuhan ang mga karapatan ng mga may-ari ng ari-arian sa pamamagitan ng tuwiran o hindi tuwirang pagsusog sa Seksiyon 19, Artikulo I ng Saligang-batas ng California, ang mga tadhana ng ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas ay dapat ituring na kasalungat ng panukalang-batas na ito. Kung ang panukalang-batas na ito ay tumanggap ng mas maraming sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng panukalang-batas na ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang bawat at lahat ng tadhana ng ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas ay dapat na walang-bisa.

MGA PAHAYAG NG PAMBATASANG KANDIDATO

Itong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ay sumasakop sa mga pambuong-estadong panukalang-batas. Ang mga pahayag ng kandidato para sa mga pambatasang kandidato ay maaaring matagpuan sa Halimbawang Balota ng inyong county.

Ang Proposisyon 34, ipinasa ng mga botante noong Nobyembre 2000, ay nagtatag ng mga boluntaryong limitasyon sa paggasta para sa mga kandidato na tumatakbo para sa pambatasang katungkulan sa estado. Ang mga pambatasang kandidato na pumiling panatilihin ang kanilang mga gugulin sa kampanya na mas mababa kaysa mga partikular na dolyar na halagang Ito ay maaaring bumili ng espasyo sa mga halimbawang balota ng county para sa isang 250-salitang pahayag ng kandidato.

Ang mga kandidatong boluntaryong pumili na limitahan ang kanilang paggasta sa mga kampanya para sa Senado ng Estado ay maaaring gumasta ng hindi hihigit sa \$724,000 sa isang primaryang eleksiyon at \$1,086,000 sa isang pangkalahatang eleksiyon. Ang mga kandidato sa asembleya ay maaaring gumasta ng hindi hihigit sa \$483,000 sa isang primaryang eleksiyon at \$845,000 sa isang pangkalahatang eleksiyon.

Upang tingnan ang isang listahan ng mga pambatasang kandidato na tumanggap ng mga limitasyon sa paggasta sa kampanya, mangyaring pumunta sa www.sos.ca.gov/elections/elections_cand_stat.htm.

PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

Maaari mong ibalik ang iyong binotohang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng:

1. Pagpapakoreo nito sa inyong opisyal ng county sa mga eleksiyon;
2. Pagbabalik nito nang personal sa isang lugar ng botohan o opisina sa mga eleksiyon sa loob ng inyong county sa Araw ng Eleksiyon;
o
3. Pagpapahintulot sa isang legal na mapahihintulutang ikatlong partido (asawa, anak, magulang, lolo o lola, apo, kapatid, o isang taong kasama mo sa bahay) na ibalik ang balota para sa iyo sa alinmang lugar ng botohan o opisina sa mga eleksiyon sa loob ng inyong county sa Araw ng Eleksiyon.

Sa anumang kaso, ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat matanggap bago magsara ang mga lugar ng botohan (8:00 p.m.) sa Araw ng Eleksiyon. Ang nahuling-dumating na mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi isasama sa pagbilang.

Lahat ng balidong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo na ipinasiya ng mga opisyal sa mga eleksiyon ng county ay binotohan ng mga karapat-dapat na botante ay binibilang at isinasama sa mga opisyal na resulta ng eleksiyon. Ang mga opisyal sa eleksiyon ay may 28 araw upang kumpletuhin ang prosesong ito, tinatawag na panahon ng “opisyal na kambas,” at dapat iulat ang mga resulta sa Sekretarya ng Estado 35 araw pagkaraan ng petsa ng eleksiyon.

MGA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE NA NASA MALALAKING-LETRA AT AUDIO-CASSETTE

Ang Sekretarya ng Estado ay nagkakaloob ngayon ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante sa bersiyon sa malalaking-letra at audio-casette para sa mga may kapansanan sa paningin sa Ingles, Espanyol, Tsino, Biyetnamis, Tagalog, Hapon, at Koreano.

Upang makahiling ng bersiyon sa malalaking letra o audio-casette ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante, mangyaring bisitahin ang www.sos.ca.gov/elections/elections_vig_altformats.htm o tumawag sa aming walang-bayad na Linya ng Botante sa 1-800-339-2957.

BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE

1. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay isang balidong rehistradong botante.
Ang kahulugan ng isang rehistradong botante ay isang mamamayan ng Estados Unidos na nakatira sa estadong ito, na may edad na hindi kukulangin sa 18 taon at wala sa bilangguan o nasa paglayang may-pasubali para sa napatunayang krimen, at nakarehistro na bumoto sa kaniyang kasalukuyang tirahan.
2. Ikaw ay may karapatang bumoto ng isang probisyonal na balota kung ang iyong pangalan ay hindi nakalista sa mga talaan ng bumoboto.
3. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay nasa lugar at nakapila sa lugar ng pagbobotohan bago magsara ang botohan.
4. Ikaw ay may karapatang bumoto ng sekretong balota na malaya sa pananakot.
5. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng isang bagong balota kung, bago ka bumoto, naniniwala ka na ikaw ay nagkamali.
Kung sa anumang oras bago ka bumoto, naniniwala ka na ikaw ay nagkamali, ikaw ay may karapatang magpalit ng iyong nasirang balota para sa isang bagong balota. Ang mga botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo ay maaari ring humiling at tumanggap ng bagong balota kung ibinalik nila ang kanilang nasirang balota sa isang opisyal ng mga eleksiyon bago magsara ang botohan sa araw ng eleksiyon.
6. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng tulong sa pagboto, kung ikaw ay hindi makaboto nang walang tulong.
7. Ikaw ay may karapatang magsauli ng isang nakumpletong balota ng bumoboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang presinto sa county.
8. Ikaw ay may karapatan sa mga materyal ng eleksiyon sa ibang lengguwahe, kung may sapat na mga residente sa iyong presinto upang magarantiyahan ang paggawa.
9. Ikaw ay may karapatang magtanong tungkol sa mga pamamaraan ng eleksiyon at magmanman sa proseso ng eleksiyon.
Ikaw ay may karapatang magtanong sa lupon ng presinto at mga opisyal ng mga eleksiyon tungkol sa mga pamamaraan ng eleksiyon at tumanggap ng kasagutan o idirekta sa naaangkop na opisyal para sa sagot. Gayunman, kung ang walang-tigil na pagtatanong ay nakakaistorbo sa pagsagawa ng kanilang tungkulin, ang lupon o mga opisyal ng mga eleksiyon ay maaaring huminto sa pagsagot sa mga tanong.
10. Ikaw ay may karapatang mag-ulat ng anumang hindi legal o may-panlilinlang na aktibidad sa isang lokal na opisyal ng mga eleksiyon o sa Tanggapan ng Sekretarya ng Estado.

Kung sa paniniwala mo ay tinanggihan ka ng anuman sa mga karapatang ito, o kung may nalalaman kang pandaraya o maling kilos sa eleksiyon, mangyaring tumawag sa kompidensiyal na walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa 1-800-339-2957.

Ang impormasyon sa iyong sinumpaang pahayag na rehistrasyon ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng mga eleksiyon upang padalhan ka ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, kagaya ng lokasyon ng iyong lugar ng pagbobotohan at ang mga isyu at kandidato na makikita sa balota. Ang pang-komersiyong paggamit ng impormasyon ng rehistrasyon ng botante ay ipinagbabawal ng batas at ito ay pagkakasala. Ang impormasyon ng botante ay maaaring ibigay sa isang kandidato para sa katungkulan, isang komite ng panukalang-batas sa balota, o iba pang mga tao para sa mga layuning nauukol sa eleksiyon, pag-aaral, pamamahayag, pampulitika, o pamahalaan, na pinagpasiyahan ng Sekretarya ng Estado. Ang lisensiya sa pagmamaneho at numero sa panlipunang seguridad, o ang iyong pirma na makikita sa iyong kard ng rehistrasyon ng botante, ay hindi maaaring ipamigay para sa mga layuning ito. Kung ikaw ay may anumang mga tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o nais mong iulat ang pinaghihinalaang maling paggamit ng ganitong impormasyon, mangyaring tumawag sa Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa 1-800-339-2957.

Ang mga partikular na botanteng humaharap sa mga sitwasyon na may panganib sa buhay ay maaaring kuwalipikado para sa kompidensiyal na katayuan ng botante. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang programang Safe at Home ng Sekretarya ng Estado na walang-bayad sa 1-877-322-5227 o bisitahin ang Web site ng Sekretarya ng Estado sa www.sos.ca.gov.

Secretary of State
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

PRSRT STD
U.S. POSTAGE
PAID
SECRETARY OF
STATE



PAMBUONG-ESTADO NG CALIFORNIA NA TUWIRANG

PRIMARYANG ELEKSIYON

www.voterguide.sos.ca.gov

OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Tandaang Bumoto!

Martes, Hunyo 3, 2008

Ang mga pagbobotohan ay bukas mula
7:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi.

Mayo 5

Unang araw upang mag-aplay para bumoto sa pamamagitan
ng balota ng bumoboto sa pamamagitan ng koreo.

Mayo 19

Huling araw upang magparehistro para bumoto.

Mayo 27

Huling araw na ang mga opisina sa mga eleksiyon ng
county ay tatanggap ng aplikasyon ng botante para sa
isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Hunyo 3

Huling araw upang mag-aplay para sa isang balota
ng pagboto sa pamamagitan ng koreo nang personal
sa opisina sa mga eleksiyon ng inyong county.

Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na
Impormasyon para sa Botante sa alinman sa mga
sumusunod na lengguwahe, mangyaring tumawag:

English: 1-800-345-VOTE (8683)

Español/Spanish: 1-800-232-VOTA (8682)

日本語/Japanese: 1-800-339-2865

Việt ngữ/Vietnamese: 1-800-339-8163

Tagalog/Tagalog: 1-800-339-2957

中文/Chinese: 1-800-339-2857

한국어/Korean: 1-866-575-1558

TDD: 1-800-833-8683

Sa pagsisikap na mabawasan ang gastos sa eleksiyon, inawtorisa ng
Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala sa koreo
ng isang patnubay lamang sa mga tirahan kung saan mahigit na isang
botante na may parehong apelyido ay nakatira. Maaari kang makakuha ng
karagdagang mga kopya sa pamamagitan ng pagkontak sa iyong opisyal ng
eleksiyon ng county o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-339-2957.

